kanilang mga magulang. Lumuhod sila at nagpatirapa sa harap ni Yawe at sa harap ng hari.

21 Kinabukasan naghandog si David at nag-alay ng mga susunuging handog kay Yawe: libong toro, libong tupang lalaki, libong batang tupa, na may kasamang mga inuming handog, at iba pang maraming handog para sa buong Israel. 22 Nagkainan at nag-inuman sila nang araw na iyon sa harap ni Yawe nang may malaking kasayahan. Ginawa nilang hari si Solomon, anak ni David, at pinahiran siya bilang puno sa ngalan ni Yawe; at pinahiran naman si Sadok bilang pari.

23 Kaya umupo si Solomon sa luklukan ni Yawe upang maghari na kahalili ni David na kanyang ama. Nagtagumpay siya at sumunod sa kanya ang buong Israel. 24 Ang lahat ng pangulo, ang lahat ng matatapang at pati ang lahat ng anak ni Haring David ay kinilala ang pagkahari ni Solomon. 25 Labis na pinataas ni Yawe si Solomon sa paningin ng buong Israel at pinagkalooban siya ng isang pangharing karilagan na higit pa sa sinumang haring nauna sa kanya sa Israel.

26 Kaya natapos na maghari si David, anak ni Isai, sa buong Israel. 27 Ang kanyang paghahari sa Israel ay apatnapung taon; naghari siya ng pitong taon sa Hebron; tatlumpu't-tatlong taon sa Jerusalem. 28 Namatay na matanda, puspos ng mga araw, ng kayamanan at kaluwalhatian, at humalili sa kanya ang kanyang anak na si Solomon.

29 Ang mga nagawa ni Haring David, mula sa simula hanggang sa wakas, ay nakasulat sa aklat ng mga Gawa ni Samuel na propeta, sa aklat ni Natan na propeta at sa aklat ni Gad na propeta. 30 Naroroon ang lahat ng kanyang paghahari, katapangan at mga pangyayaring sinapit niya, ng bayang Israel at ng lahat ng kaharian ng ibang mga bayan.

# MGA KRONIKA 2



### Humingi ng karunungan si Solomon

**1** 1 Pinatatag ni Solomon, na anak ni David, ang kanyang pagkahari; sumakanya si Yaweng kanyang Diyos at pinataas siya nang labis. 2 Kaya nagsalita si Solomon sa buong Israel, sa mga opisyal ng libo at pinuno ng sandaan, sa mga hukom at sa lahat ng pinuno ng mga sambahayan sa buong Israel. 3 At pinuntahan ni Solomon at ng buong kalipunan ang santuwaryo sa burol sa Gabaon. Naroon nga ang Toldang Tagpuan ng Diyos, na ginawa ni Moises, lingkod ng Diyos sa ilang. 4 Subalit ipinaakyat na ni David ang kaban ng Diyos buhat sa Kiriat-Yearim sa lugar na inihanda niya rito, sapagkat itinayo niya rito ang isang kulandong sa Jerusalem. 5 Naroon ang altar na tanso na ginawa ni Besaleel, na anak ni Uring anak ni Hur, sa harapan ng Tirahan ni Yawe; kaya doon pumunta si Solomon at ang kalipunan upang sumangguni kay Yawe.

6 Doon sumamba si Solomon sa altar na tanso sa harap ni Yawe ng Toldang Tagpuan at nag-alay siya roon ng libong sinunog na handog.

7 Kinagabihan nagpakita ang Diyos kay Solomon at nagsabi sa kanya: “Hingin mo kung ano ang dapat kong ibigay sa iyo.” 8 At sinabi naman ni Solomon sa Diyos: “Nagpakita ka ng kagandahang-loob sa aking amang si David at ginawa mo akong hari bilang kahalili niya. 9 Kaya

tuparin mo sana ngayon, O Yaweng Diyos, ang
iyong pangako kay David na aking ama. Tala-
ga, ginawa mo akong hari ng isang bayang
sindami ng ala-bok ng lupa. [10]Pagkalooban mo
ako ngayon ng karunungan at kaalaman upang
mamahala sa bayang ito; sino ba ang maka-
pamumuno sa iyong malaking bayang ito?
[11]Sumagot ang Diyos kay Solomon: "Ito pala
ang nasa iyong puso! Hindi ka naghangad ng
mga kayamanan, mga ari-arian, karangalan o
ng pagkamatay ng iyong mga kaaway, ni ma-
habang buhay, kundi hiniling mo ang karunu-
ngan at kaalaman upang mamahala sa aking
bayan na pinapaghaharian ko sa iyo. [12]Kaya
ipinagkakaloob sa iyo ang karunungan at ang
kaalaman at bukod dito, bibigyan din kita ng
mga kayamanan, mga ari-arian at karangalan,
na hindi natamo ng mga haring nauna sa iyo ni
tatamuhin ng mga susunod sa iyo."
[13]Bumalik si Solomon pa-Jerusalem mula sa
altar sa burol ng Gabaon buhat sa Toldang
Tagpuan, at hinarap niya ang paghahari sa
Israel. [14]Nagkaroon si Solomon ng maraming
sasakyan at mga mangangabayo; naging 1400
ang kanyng mga sasakyan at 12,000 ang mga
mangangabayong ipinuwesto niya sa mga lun-
sod pansasakyan at sa Jerusalem na malapit sa
hari. [15]Ginawa ng hari na maging pangkara-
niwan sa Jerusalem ang pilak at ginto kagaya ng
mga bato, at ang mga punong sedro ay kasin-
dami ng mga sikomoro sa lupaing mababa.
[16]Nanggaling sa Musri at sa Koa ang mga ka-
bayo ni Solomon na binibili ng mga mamimili ng
hari sa Koa sa takdang halaga. [17]Binili nila sa
Musri ang isang sasakyan ng animnaraang
shekel na pilak at ang isang kabayo ng sandaan
at limampu. At iniluwas din ng mga ito sa mga
hari ng mga Heteo at ng Aram.
[18]Kaya nagpasya si Solomon na magpagawa
ng isang bahay sa pangalan ni Yawe at ng isang
palasyo sa kanyang sarili.

**Sina Solomon at Hiram**

**2** [1]Nagtala si Solomon ng 70,000 tao upang
magpasan, 80,000 upang kumuha ng
mga bato sa bundok at 3,600 upang mama-
hala.
[2]Kaya nagpasabi si Solomon kay Hiram na
hari ng Tiro: "Magpadala ka sa aking amang si
David upang makapagpagawa ng bahay na
matitirhan; gayundin ang gagawin mo para sa
akin. [3]Gusto kong itayo ang isang bahay sa
pangalan ni Yaweng aking Diyos.
Itatalaga ko ito sa kanya para sa pagsusuob
ng kamanyang na mahalimuyak sa harapan
niya, para sa palagiang tinapay, para sa mga
handog sa umaga, sa hapon, kung araw ng
sabat, sa mga bagong buwan at sa mga pista ni
Yaweng aming Diyos, sapagkat ang mga ito ay
tungkulin ng Israel.
[4]Magiging dakila ang bahay na aking ipaga-
gawa dahil sa higit na dakila ang aming Diyos sa
lahat ng mga diyos. [5]Hindi husto sa kanya ang
langit at ang langit ng mga langit, kaya sino ang
magkakaroon ng sapat na lakas upang ipagtayo
siya ng bahay? At hindi sana ako magpapatayo
sa kanya ng isang bahay, kundi upang magsuob
lamang ng kamanyang sa kanyang harapan.
[6]Kaya padalhan mo ako ng isang taong dalub-
hasa sa paggawa sa ginto, pilak, tanso, bakal, sa
purpura, eskarlata, hasinto, at marunong umu-
kit. Gagawa siya, kasama ang mga mangga-
gawa ko, sa Juda at Jerusalem, na inihanda ng
aking amang si David.
[7]Padalhan mo rin ako ng mga kahoy na
sedro, sipres at sandalo mula sa Lebanon, sa-
pagkat batid kong ang iyong mga tauhan ay
bihasa sa pagputol ng mga kahoy sa Lebanon;
sasama sa iyong mga lingkod ang aking mga
lingkod. [8]Dapat silang maghanda ng maraming
kahoy dahil sa laki ng kahanga-hangang bahay
na aking ipagagawa. [9]Nagpasya akong mag-
bigay sa iyong mga lingkod, na puputol ng mga
kahoy na 20,000 korong trigo, 20,000 korong
sebada, 20,000 takal na alak at 20,000 takal na
langis, bilang pagkain nila."
[10]Sumagot si Hiram, na hari ng Tiro, at ipi-
nadala ang isang liham kay Solomon: "Dahil sa
pag-ibig ni Yawe sa kanyang bayan, kung kaya
ginawa kang hari nila." [11]At sinabi pa niya:
"Purihin si Yaweng Diyos ng Israel, na lumikha
ng langit at lupa at nagkaloob kay haring David
ng isang matalinong anak, may kahinahunan at
kaalaman, na magpapagawa ng bahay para kay
Yawe at ng palasyo para sa kanyang sarili.
[12]Pinadalhan nga kita ng isang taong da-
lubhasa at matalino, si Hiram Abi, anak ng isang
Danita at ng isang taga-Tiro. [13]Marunong siyang
gumawa sa ginto, pilak, tanso, bakal, bato,
kahoy, sa kayong purpura, hasinto, lino at es-
karlata. Umuukit siya ng lahat ng uri ng larawan
at lumilikha ng lahat ng masisining na pala-
muting hilingin sa kanya ng aking panginoong si
David na iyong ama. [14]Kaya ipadala mo na sa
mga utusan mo ang trigo, sebada, langis, at alak
na binanggit mo.
[15]At kami naman ay magpuputol na ng mga
kahoy sa Lebanon ayon sa iyong mga sukat;
dadalhin namin ang mga ito sa dagat sa mga
balsa hanggang sa Yafo at paaahunin mo ang
mga ito sa Jerusalem."
[16]Kaya binilang ni Solomon ang lahat ng mga

dayuhang nasa lupaing Israel mula sa mga sulat
ng talang ginawa ni David na kanyang ama, at
ang nabilang ay 153,600. 17 Ang 70,000 ay
inutusan niyang magpasan, ang 80,000 ay
magdadaras ng bato sa bundok at itinalaga ang
3,600 upang mamahala sa paggawa ng mga
tao.

**Ang pagpapagawa ng bahay ni Yawe**

3 1 Sinimulan nga ni Solomon ang pagpa-
pagawa ng bahay ni Yawe sa Jerusalem sa
burol Moria. Doon nagpakita si Yawe kay David
na kanyang ama. Inihanda na ni David ang lugar
na ito sa may giikan ng Yebuseong si Ornan.
2 Nagsimula ang pagpapagawa sa ikalawang
buwan ng ikapat na taon ng kanyang paghahari.
3 Ito ang mga tuntunin na bigay ni Solomon sa
pagpapagawa ng bahay ng Diyos: ang haba,
animnapung siko; at dalawampung siko ang
luwang. 4 Dalawampung siko ang haba ng Por-
tico na nasa harapan ng templo, ayon sa luwang
ng templo, sampung siko ang luwang nito at
sandaan at dalawampung siko ang taas. 5 Bina-
lutan niya ang loob nito ng ginto. Ang malaking
banal na silid (hekal) ay binalutan ng kahoy na
sipres na tinakpan ng lantay na ginto at may ukit
na mga palma at tanikala. 6 Pinalamutihan niya
ang bahay ng mahahalagang bato; ang ginto ay
gintong Parvaim. 7 Binalutan din ng ginto ang
mga sikang, hamba, dinding at pinto ng bahay;
at may mga ukit na kerubin ang mga dinding.

8 Ginawa niya ang kabanal-banalang silid
(debir) na ang haba ayon sa luwang ng templo,
ay dalawampung siko; at ang luwang ay dala-
wampung siko rin. Binalutan niya ito ng lantay
na gintong tumitimbang ng animnaraang ta-
lento. 9 Ang mga pakong ginto ay tumitimbang
ng limampung shekel. Binalutan din ng ginto
ang mga silid sa itaas. 10 Sa loob ng kabanal-
banalang silid siya nagpagawa ng dalawang
kerubin na nililok at binalutan ng ginto. 11 Ang
mga pakpak ng mga kerubin ay dalawampung
siko ang haba; may limang siko ang isang
pakpak na tumatama sa dinding ng silid at may
limang siko rin ang ibang pakpak na tumatama
sa pakpak ng isang kerubin. 12 Limang siko ang
haba ng pakpak ng ikalawang kerubin na tuma-
tama sa ibang dinding ng silid, at limang siko
ang haba ng ibang pakpak na nakadaiti sa
pakpak ng unang kerubin. 13 Kaya dalawam-
pung siko ang mga nakabukang pakpak ng mga
kerubing ito. Sila'y nakatayo at nakaharap sa
gawing loob.

14 Yari naman ang kurtina sa mga hiblang
hasinto, purpura, eskarlata at lino; nakalarawan
dito ang mga kerubin. 15 Gumawa rin siya sa
harapan ng bahay ng dalawang haligi na ang
taas ay tatlumpu't limang siko at ang kapitel sa
itaas ay limang siko. 16 Gumawa siya roon ng
mga tanikala para sa mga kapitel sa itaas.
Gumawa rin siya ng sandaang granada na ini-
lagay sa mga tanikala. 17 Itinayo niya ang mga
haligi sa harapan ng templo, ang isa sa gawing
kanan at ang isa sa kaliwa; tinawag niyang Yakin
ang nasa kanan at Boaz ang nasa kaliwa.

4 1 Gumawa siya pagkatapos ng isang altar
na tanso na dalawampung siko ang haba,
dalawampung siko ang luwang at sampu ang
taas. 2 Gumawa siya ng "Dagat-dagatan" na yari
sa tansong binuo na sampung siko ang lapad,
limang siko ang taas at tatlumpung siko ang
pabilog na sukat. 3 May mga bulaklak sa ilalim
ng labi; sampu sa siko, sa buong paligid ng
dagat-dagatan. Ang dalawang hanay ng mga
bulaklak ay binubong kasama ng dagat-
dagatan. 4 Nakapatong ito sa labindalawang
baka, na ang tatlo ay nakaharap sa hilaga, ang
tatlo'y sa kanluran, ang tatlo'y sa timog at ang
tatlo'y sa silangan. 5 Nakapatong sa kanila ang
dagat-dagatan, at nasa gawing loob ang puwi-
tan ng mga ito. Isang dangkal ang kapal ng
dagat-dagatan at waring labi ng kopa ang labi
nito na kaanyo ng bulaklak na liryo. Naglalaman
ito ng tatlong libong takal.

6 Gumawa rin siya ng sampung hugasan, at
inilagay ang lima sa kanan at ang lima sa kaliwa
para sa paghuhugas; doon nilinis ang ukol sa
susunuging handog, at sa dagat-dagatan na-
man naghuhugas ang mga pari. 7 Gumawa siya
ng sampung kandelerong ginto ayon sa ipinag-
utos at inilagay ang mga ito sa banal na silid,
lima sa kanan at lima sa kaliwa. 8 Gumawa siya
ng sampung hapag na kanyang inilagay sa
banal na silid, lima sa kanan at lima sa kaliwa;
nagpagawa siya ng sandaang gintong lalagyan
ng pangwisik. Ipinagawa niya ang patyo ng mga
pari at ang malaking patyo pati ang mga pinto
nito na kanyang binalutan ng tanso.

9 Ipinagawa niya ang patyo ng mga pari at
ang malaking patyo, pati ang mga pinto nito na
kanyang binalutan ng tanso. 10 Inilagay naman
niya sa gawing kanan sa timog-silangan ang
dagat-dagatan.

11 Gumawa rin si Hiram ng mga kawa, mga
pala at mga lalagyan ng pangwisik.

Sa gayon tinapos ni Hiram ang ipinagawa ni
haring Solomon ukol sa bahay ni Yawe: 12 ang
dalawang haligi, ang dalawang kabilugan ng
mga kapitel na nasa ibabaw ng mga haligi at
ang dalawang nilambat na tumatakip sa mga
kabilugan ng mga kapitel sa ibabaw ng mga

haligi; 13 at ang apatnaraang granada sa dala-
wang nilambat, dalawang hanay ng mga gra-
nada sa bawat nilambat – na tumatakip sa mga
kapitel ng mga haligi. 14 Gumawa siya ng sam-
pung patungan at ng sampung hugasan sa
ibabaw ng mga ito; 15 at ng isang dagat-dagatan
na may labindalawang baka sa ilalim; 16 ng mga
kawa, mga pala, mga panduro. Niyari sa pina-
kintab na tanso ang lahat ng kagamitang ginawa
ni Huram-abi sa bahay ni Yawe. 17 Pinabubo ng
hari ang mga iyon sa kapatagan ng Jordan,
lupang maputik sa pagitan ng Sukot at Satan.
18 Napakarami ang mga bagay na ipinagawa ni
Solomon kaya hindi matimbang ang bigat ng
tanso.

19 Ipinagawa ni Solomon ang lahat ng kaga-
mitan sa bahay ng Diyos: ang altar na ginto, ang
mga hapag para sa mga tinapay na handog,
20 ang mga kandelero, pati ang mga ilawan nito
na lantay na ginto, na nagdiringas sa harap ng
kabanal-banalang silid ayon sa ipinag-uutos,
21 ang mga bulaklak, mga ilawan at mga pa-
mutol ng mitsa na lantay na ginto, 22 ang mga
kutsilyo, mga lalagyan ng pangwisik, mga
mangkok at mga insensaryo na lantay na ginto.
Yaring ginto rin ang mga bisagra ng mga pinto
sa loob sa pagpasok sa kabanal-banalang silid
at ang mga pinto sa pagpasok sa Bahay, sa
banal na silid.

**Ang paglilipat ng kaban sa templo**

5 1 Ganito natapos ang lahat ng gawain ni
Solomon sa bahay ni Yawe. Saka ipinasok
niya ang lahat ng banal na handog ng ama
niyang si David: ang pilak, ginto at lahat ng saro;
inilagay niya ang mga ito sa kabang-yaman ng
bahay ng Diyos.

2 Ipinatipon ni Solomon sa Jerusalem ang
matatanda ng Israel, 3 ang lahat ng pinuno ng
mga tribu at mga prinsipe ng mga angkang
Israelita sa pista ng ikapitong buwan. 4 Pagda-
ting ng matatanda ng Israel, pinasan ng mga
Levita ang kaban, 5 at iniahon ito, pati ang
Toldang Tagpuan at ang lahat ng kagamitang
nasa tolda: ang mga ito ay pinasan ng mga pari
at mga Levita.

6 Si Haring Solomon at ang buong kalipunan
ng Israel na nagkakatipon sa tabi niya sa ha-
rapan ng kaban ay nag-alay ng maraming tupa
at baka na di mabilang dahil sa dami. 7 Ipinasok
ng mga pari ang kaban ng tipan ni Yawe sa lugar
na pinaglaanan dito, sa santuwaryo ng Bahay o
kabanal-banalang lugar sa ilalim ng mga pak-
pak ng mga kerubin. 8 Nakabuka ang mga pak-
pak ng mga kerubin sa ibabaw ng lugar ng
kaban at kinakanlungan ng mga kerubin ang
kaban at ang mga pasanan nito. 9 Mahahaba ang
mga pasanan kaya nakikita ang dulo ng mga
ito sa banal na silid, sa harapan ng kabanal-
banalang silid; ngunit hindi nakikita buhat sa
labas. Doon nananatili ang mga ito hanggang sa
kasalukuyan. 10 Walang laman ang kaban kundi
ang dalawang tapyas na bato na inilagay ni
Moises doon sa Horeb, nang pinagtibay ni Yawe
ang tipan sa mga Israelita sa kanilang pag-alis
sa Ehipto.

11 Nagsilabas ang mga pari sa dalanginan.
Nagpabanal nga ng sarili ang lahat ng mga
paring naroroon; walang pagtatangi sa pangkat
nila. 12 Naroroon ang lahat ng Levitang mang-
aawit na sina Asaf, Heman at Yedutum, kasama
ang kanilang mga anak at mga kapatid na
nakasuot ng pinong lino, na nagpapatunog ng
mga simbalo, salteryo at sitara; at sa tabi nila
umiihip naman ng trumpeta ang sandaan at
dalawampung pari. 13 Sabay-sabay na nagpa-
rinig ang mga trumpeta at ang mga mang-aawit
na nagpupuri at nagpapasalamat kay Yawe
nang umawit sila sa saliw ng mga trumpeta, mga
simbalo at ng ibang mga panugtog at nagsabi:
Sapagkat siya ay butihin, sapagkat walang-
hanggan ang kanyang awa, biglang napuno ang
Bahay ng ulap ng kaluwalhatian ni Yawe.

14 Kaya hindi na nakapagpatuloy pa ang mga
pari sa kanilang tungkulin sapagkat napuno ng
kaluwalhatian ni Yawe ang bahay ng Diyos.

6 1 Kaya nagsalita si Solomon: "Sinabi ni
Yawe na sa ulap siya nanirahan. 2 At ako
naman ay nagpatayo ng isang bahay na iyong
tatahanan, ang isang lugar na iyong tirahang
walang-hanggan."

3 Saka humarap ang hari at binasbasan niya
ang buong kalipunang Israelita samantalang
nakatayo ang lahat. 4 At sinabi niya: "Purihin si
Yaweng Diyos ng Israel! Nagsalita nga siya kay
David na aking ama sa kanyang sariling bibig at
tinupad ngayon ng kanyang kamay ang pa-
ngakong ito. 5 Mula sa araw na ilabas ko ang
aking bayan sa lupaing Ehipto, wala akong
piniling lunsod sa lahat ng tribu ng Israel na
pagtatayuan ng isang bahay na titigilan ng aking
pangalan; at wala rin akong hinirang na tao na
maging prinsipe ng aking bayang Israel. 6 Ang
Jerusalem lamang ang aking pinili upang ma-
natili doon ang aking pangalan at si David ang
aking hinirang upang pamunuan ang aking ba-
yang Israel.' 7 Nagbalak ang aking amang si
David na gumawa ng isang bahay para sa Pa-
ngalan ni Yaweng Diyos ng Israel; 8 ngunit sinabi
ni Yawe sa aking amang si David: 'Magaling ang
balak na iyan na gumawa ng isang bahay sa

aking Pangalan. 9 Kaya lamang, hindi ikaw ang
gagawa ng Bahay, kundi ang iyong anak na
manggagaling sa iyong sarili; siya ang gagawa
ng Bahay sa aking Pangalan.' 10 Tinupad ni
Yawe ang salita niya: humalili nga ako sa aking
amang si David at umupo ako sa luklukan ng
Israel, kagaya ng sinabi ni Yawe, at gumawa
rin ako ng bahay para sa Pangalan ni Yaweng
Diyos ng Israel. 11 Inilagay ko roon ang kaban
na kinaroroonan ng tipan ni Yawe na kanyang
pinagtibay sa mga anak ng Israel."

**Ang panalangin ni Solomon**

12 Pagkatapos, humarap si Solomon sa
buong kalipunan ng Israel sa harapan ng altar ni
Yawe, at iniunat ang kanyang mga kamay.
13 Nagpagawa nga si Solomon ng isang tronong
tanso, limang siko ang haba, limang siko ang
luwang at tatlong siko ang taas na inilagay niya
sa gitna ng patyo. Umakyat siya rito at lumuhod
sa harapan ng buong kalipunang Israel. Itinaas
niya ang mga kamay sa langit, 14 at sinabi: 'O
Yaweng Diyos ng Israel! Walang ibang Diyos na
katulad mo sa langit at sa lupa na tinutupad ang
tipan at kabutihang-loob sa iyong mga lingkod
na lumalakad sa iyong harapan nang buong
puso; 15 tinupad mo sa aking amang si David ang
ipinangako sa kanya; ngayon, ginawa mo sa
iyong kamay ang sinabi mo sa iyong sariling
bibig. 16 Kaya nga, Yaweng Diyos ng Israel,
tupdin mo sa iyong lingkod na si David ang
ipinangako mo rin sa kanya: Hindi mangyayari
na wala nang lalaki ng iyong lipi na nakaupo sa
luklukan ng Israel upang maglingkod sa akin.
Mag-iingat lamang ang iyong mga anak sa
kanilang pamumuhay at susunod sa aking
batas, gaya ng paglilingkod mo sa akin.
17 Kaya, Yaweng Diyos ng Israel, matupad
nawa ang salitang sinabi mo sa iyong lingkod na
si David! 18 Ngunit, puwede bang naninirahan
ang Diyos kasama ng mga tao sa lupa? Kung
hindi husto sa iyo ang langit at ang langit ng mga
langit, gaano pa ang bahay na ito na aking
ginawa? 19 Pakinggan mo ang panalangin at
dasal ng iyong lingkod. O Yaweng aking Diyos,
at dinggin ang tawag at panalanging idinaraing
sa iyo ng iyong lingkod. 20 Nawa'y tumunghay,
araw at gabi, ang iyong mga mata sa Bahay na
ito, sa lugar na sinabi mo na paglalagyan mo ng
iyong pangalan; dinggin ang panalangin ng
iyong lingkod na nakaharap sa lugar na ito.
21 Dinggin mo sana ang mga pagsamo ng
iyong lingkod at ng iyong bayang Israel sa lugar
na ito. Ikaw ang makikinig mula sa iyong tira-
han, mula sa langit; ikaw ang makikinig at
magpapatawad.
22 Kung may magkasala sa kanyang kapwa
at papanumpain siya, at pumarito siya upang
sumumpa sa harap ng iyong altar sa Bahay na
ito, 23 makinig ka buhat sa langit, mamagitan ka
at igawad ang katarungan sa iyong mga lingkod;
parusahan ang may sala at ibagsak sa kanyang
ulo ang kanyang pamumuhay, at ipahayag ang
katarungan ng walang-sala.
24 Kung magapi ng mga kaaway ang iyong
bayang Israel dahil sa pagkakasala niya sa iyo,
at saka magbabalik-loob sila at aaminin ang
kanyang sala, kung mananalangin siya sa Ba-
hay na ito, 25 pakinggan mo sana buhat sa langit,
patawarin ang kasalanan ng bayan mong Israel
at ibalik mo siya sa lupaing ibinigay mo sa kanya
at sa kanyang mga magulang.
26 Kung mapinid ang langit at hindi umulan,
dahilan sa nagkasala sila sa iyo, at saka sila
nagsisisi sa kanilang kasalanan sapagkat hina-
mak mo sila, kung manalangin sila sa lugar na
ito at aminin nila ang sala, 27 makinig ka mula sa
langit, patawarin ang kasalanan ng iyong mga
lingkod at ng bayan mong Israel; ituro mo sa
kanila ang mabuting daan.
28 Kung may taggutom sa lupain, o salot,
pagkatuyot o amag, o mga balang o mga tipak-
long, kung kubkubin ng kaaway ang isa sa
kanyang mga lunsod, ano mang salot at sakit,
makinig ka nawa. 29 Pakinggan mo mula sa
langit na tinitirhan mo ang lahat ng panalangin
o pagsamo ng sino mang tao o ng buo mong
bayang Israel na nakataas ang mga kamay sa
gawi ng bahay na ito kapag dumaranas ng
kapansanan at sugat. 30 Patawarin mo at gan-
tihan ang bawat isa sang-ayon sa kanyang mga
gawa sapagkat ikaw ang nakakakilala sa puso
ng bawat isa – sapagkat ikaw ang nakakakilala
sa puso ng tao. 31 Sa gayon, matatakot sila sa iyo
at lalakad sa iyong mga daan sa lahat ng araw ng
kanilang buhay sa lupang ipinagkaloob mo sa
aming mga magulang.
32 Gayon din naman ang dayuhang di kaanib
sa bayan mong Israel, na manggagaling sa
malayong bayan alang-alang sa iyong dakilang
pangalan, kapag nabalitaan ang iyong malakas
na kamay at unat na bisig. Kapag dumating sila
upang manalangin sa Bahay na ito, 33 dinggin
mo sana sila mula sa langit na iyong tinitirhan.
Gawin mo ang lahat ng iniluluhog sa iyo ng
dayuhan upang makilala ng lahat ng bayan sa
lupa ang iyong pangalan at magpitagan sa iyo,
gaya ng bayan mong Israel. At malalaman nila
na ipinapatong ang iyong Pangalan sa Bahay na
ito na aking ipinatayo.
34 Kapag lumabas ang iyong bayan upang
lumaban sa kanyang mga kaaway sa daang

ipinag-utos mo sa kanila, kapag dumala-
ngin sila sa iyo at makaharap sila sa gawi ng
lunsod na iyong pinili at ng Bahay na aking
ipinatayo para sa iyong Pangalan, 35 dinggin mo
mula sa langit ang kanilang panalangin at
kanilang pamanhik at igawad sa kanila ang
katarungan.
36 Kung magkasala sila sa iyo – sapagkat
walang taong di nagkakasala – at dala ng galit
mo sa kanila ay ibigay mo sila sa kaaway,
maaaring dalhin silang bihag sa malayo o
malapit na bayan ng kaaway. 37 Kung magbalik-
loob sila sa lupaing pinagdalhan sa kanila, kung
magbago sila sa bayan ng kanilang pagkabihag
at magsabi: 'Nagkasala kami, nagkamali kami,
may-sala kami!; 38 kung magbalik-loob sila sa
iyo nang buong-puso at buong-kaluluwa, sa
lupain ng pagkabihag na nagdala sa kanila, at
manalangin silang nakaharap sa kanilang lu-
paing ipinagkaloob mo sa kanilang mga ma-
gulang at sa lunsod na iyong pinili at sa Bahay
na aking ipinatayo sa iyong pangalan, 39 pa-
kinggan mo sana mula sa langit na tinitirhan mo
ang kanilang panalangin at pagsusumamo,
igawad sa kanila ang katarungan at patawarin
ang bayan mo sa kanilang sala sa iyo.
40 Ngayon, O aking Diyos, mabuksan nawa
ang iyong mga mata at makinig ang iyong mga
pandinig sa panalangin sa lugar na ito. 41 Kaya,
tumayo ka ngayon, O Yaweng Diyos, papunta
sa pahingahan mo, ikaw at ang kaban ng iyong
lakas! Nawa'y maramtan ng kaligtasan ang
iyong mga pari, O Yaweng Diyos, at magalak
ang matatapang mo.
42 O Yaweng Diyos, huwag mo sanang ilayo
ang mukha ng iyong hinirang, alalahanin mo
ang iyong kagandahang-loob sa iyong lingkod
na si David!"

**Ang pagtatalaga ng templo**

**7** 1 Nang matapos na manalangin si Solo-
mon, may bumabang apoy mula sa langit
at tinupok ang susunuging handog at ang mga
hain; at napuno naman ng Kaluwalhatian ni
Yawe ang Bahay. 2 Hindi na nakapasok ang mga
pari sa bahay ni Yawe; napuno nga ng ka-
luwalhatian ni Yawe ang bahay ni Yawe. 3 Nakita
ng lahat ng Israelita ang pagbaba ng apoy at ang
Kaluwalhatian ni Yawe sa Bahay; nagpati-rapa
sila upang sumamba at magpuri kay Yawe sa-
mantalang sinasabi: *sapagkat siya'y butihin,*
*sapagkat walang-hanggan ang kanyang awa.*
4 At nag-alay ang hari ng mga handog kay Yawe.
5 Naghandog ang Haring Solomon ng 22,000
baka at 120,000 tupa. Ganito ang pasinayang
ginawa ng hari at ng buong bayan sa bahay ng
Diyos. 6 Nakatayo sa kanilang mga puwesto ang
mga pari, at ang mga Levita na may dala ng mga
panugtog na ipinagawa ni David upang mag-
pasalamat kay Yawe sapagkat walang-hanggan
ang kanyang awa. Kaya nagpuri si David sa
pamamagitan nila nang umihip ang mga pari ng
mga trumpeta sa harap ng mga Levita at naka-
tayo ang buong Israel.
7 Itinalaga ni Solomon ang panloob na patyo
na nasa harapan ng Bahay ni Yawe; doon siya
nag-alay ng mga susunuging handog at ng mga
taba ng mga handog ng mabuting pagsasama-
han dahil sa hindi magkasiya ang mga susu-
nuging handog, mga pagkaing handog at mga
taba sa altar na tanso na ginawa ni Solomon. 8 Sa
panahong iyon, ipinagdiriwang ni Solomon ang
pista sa loob ng pitong araw, kasama ang buong
Israel – ang isang napakaraming kapulungang
galing sa lahat ng bayan mula sa pagpasok sa
Hamat hanggang sa batis ng Ehipto. 9 Nang
ikawalong araw nagkaroon ng katapusan sa-
pagkat pitong araw tuma-gal ang pagtatalaga
ng altar at ang pista. 10 Nang ikadalawampu't
tatlong araw ng ikapitong buwan pinauwi ni
Solomon ang lahat ng tao, na lubos ang kali-
gayahan at kasiyahan sa kanilang puso dahil sa
mga ipinagkaloob ni Yawe kay David, kay Solo-
mon at sa kanyang bayang Israel.

**Muling napakita ang Diyos kay Solomon**

11 Tinapos ni Solomon ang bahay ni Yawe at
ang bahay ng hari. Nagtagumpay siya sa lahat
ng binalak niyang gawin sa Bahay ni Yawe at sa
kanyang sariling bahay. 12 Kaya nagpakita si
Yawe sa kanya nang gabi at sinabi niya: dininig
ko ang iyong panalangin, at pinili ko ang lugar
na ito sa aking Bahay na panghain. 13 Kung isara
ko ang langit at hindi umulan, kung inuutusan ko
ang mga balang na uubos sa lupain, o ang
ipinapadalang salot sa aking bayan, 14 at mag-
pakumbaba naman ang aking bayan na nag-
dadala ng aking Pangalan, manalangin siya,
hanapin ang aking mukha at talikdan ang kan-
yang masasamang gawi, pakikinggan ko sila
mula sa langit, patatawarin ko ang kanilang mga
kasalanan at lulunasan ko ang kanilang lupain.
15 Nabubuksan na ang aking mga mata at naki-
kinig na ang aking mga pandinig sa panalanging
ginagawa rito. 16 Pinili ko na at pinabanal ang
Bahay na ito upang panatilihin dito magpa-
kailanman ang aking Pangalan. Naririto ang
aking mga mata at puso araw-araw. 17 At ikaw
naman, kung lalakad sa aking harapan gaya ng
ama mong si David, at tutuparin mo ang lahat
ng ipinag-utos ko sa iyo, at susundin ang aking
mga batas at mga tagubilin, patatatagin ko ang

luklukan ng iyong paghahari, 18 ayon sa aking pangako sa iyong amang si David nang sabihin sa kanya: 'Hindi ka mawawalan ng lalaking maghahari sa Israel.'

19 Subalit kung tatalikuran ninyo ako at pababayaan ang aking mga batas at mga tagubilin na ibinigay ko sa inyo at maglilingkod kayo sa ibang mga diyos at sasambahin sila, 20 bubunutin ko kayo sa aking lupaing ipinagkaloob sa inyo, at ihahagis sa harapan ko ang Bahay na ito na aking itinalaga sa aking Pangalan, at gagawin ko itong kinamihasnan at kahihiyan sa lahat ng bayan. 21 Kahiman napakadakila ngayon ang Bahay na ito sa mga magdaraan at sasabihin: "Bakit kaya ganyan ang ginawa ni Yawe sa lupaing ito at sa Bahay na ito?" 22 At isasagot nila: "Sapagkat tinalikdan nila si Yaweng Diyos ng kanilang mga ninuno na naglabas sa kanila sa Ehipto; nakiisa sila sa ibang mga diyos, sumamba at naglingkod sa mga ito. Kaya pinasapit niya sa kanila ang lahat ng kasamaang ito.

**Ang ilang mga nagawa ni Solomon**

**8** 1 Dalawampung taon ang lumipas habang ginagawa ni Solomon ang Bahay ni Yawe at ang kanyang sariling bahay, 2 pagkatapos niyang ipatayong muli ang mga lunsod na ibinigay sa kanya ni Hiram at pinatira roon ang mga Israelita.

3 Sinalakay ni Solomon ang Hamat ng Soba at nakuha iyon. 4 Ipinatayo niyang muli ang Tadmor, sa may ilang, at lahat ng lunsod na imbakan sa Hamat; 5 ipinatayo niya ang Bethoron na nasa itaas at Bethoron na nasa ibaba, mga napaderang lunsod na may pinto at harang; 6 ang Balat at lahat ng lunsod na imbakan ng ari-arian ni Solomon, ang mga lunsod ng mga sasakyan, ang mga lunsod ng mga mangangabayo; sa maikling salita: ang lahat ng maibigang ipatayo ni Solomon sa Jerusalem, sa Lebanon at sa lahat ng hangganan ng lupaing sakop niya.

7 Ang lahat ng mga natira sa mga Heteo, mga Amorreo, mga Pereseo, mga Heveo at mga Yebuseo, na di kalahi ng Israel, ang kanilang mga nalabi sa lupain na di nalipol ng mga Israelita, ay pinatawan ni Solomon ng sapilitang paggawa. 9 Ngunit walang inalipin si Solomon sa mga Israelita sa mga gawain; mga mandirigma sila, mga pinuno ng mga kagawad ng mga sasakyan at ng mga mangangabayo. 10 Dalawandaan at limampu ang mga opisyal na naitalaga ng mga tagapamahala ni Solomon; may kapangyarihan sila sa bayan.

11 Pinaahon ni Solomon buhat sa lunsod ni David ang anak na babae ni Paraon sa bahay na ipinagawa niya rito; sinabi niya: "Hindi dapat na patirahin ang isang babae sa bahay ni David na hari ng Israel; banal na ang lugar na iyon sapagkat doon pumasok ang kaban ni Yawe."

12 Nang panahong iyon nag-alay si Solomon ng mga susunuging handog kay Yawe sa altar ni Yawe na itinayo niya sa harapan ng Portico. 13 Ipinaalay niya ang mga ito ayon sa ipinag-utos ni Moises sa bawat araw, sa mga araw ng pamamahinga sa mga bagong buwan at sa tatlong pistang taunan: ang pista ng Tinapay na Walang Lebadura, ang pista ng Mga Sanlinggo at ng Mga Kubol.

14 Itinatag din niya, ayon sa tuntunin ni David na kanyang ama, ang mga grupo ng mga pari sa kanilang pagtatrabaho, at ng mga Levita sa kanilang pangangasiwa nang magpuri sila kay Yawe at maglingkod sa harapan ng mga pari, ayon sa mga tuntunin ng bawat araw; at ang mga grupo din ng mga bantay-pinto sa bawat pintuan, batay sa tuntunin ni David, na tao ng Diyos. 15 Hindi sila nagkulang sa mga utos ng hari hinggil sa mga pari at mga Levita, ni tungkol sa mga kayamanan. 16 Ganito natapos ang lahat ng gawain ni Solomon magmula sa araw nang ilagay ang pundasyon ng Bahay ni Yawe hanggang matapos iyon. Ganap, talaga, ang Bahay ni Yawe.

17 At nagpunta si Solomon sa Asion-Geber at sa Elat, na nasa baybayin ng dagat, sa lupain ng Edom. 18 Pinadalhan siya ni Hiram ng mga barkong dala ng mga tauhan nito na mga bihasang mandaragat. Sinamahan nila ang mga tauhan ni Solomon at pumunta sa Ofir. Dito sila nagtamo ng apatnaraaan at limampung talentong ginto na kanilang dinala kay Haring Solomon.

**Ang pagdalaw ng Reyna ng Seba**

**9** 1 Nabalitaan ng reyna ng Seba ang katanyagan ni Solomon at nagpunta siya sa Jerusalem upang subukin ito sa pamamagitan ng palaisipan. Marami siyang tagahatid at mga kamelyong may dalang mga pabango, maraming ginto at mahahalagang bato. Nagpunta siya kay Solomon at nakipag-usap tungkol sa nasa isip niya. 2 Ipinaliwanag ni Solomon ang lahat ng suliranin niya at wala nang nakatago na hindi naipaliwanag nito sa kanya.

3 Nakita ng reyna ng Seba ang karunungan ni Solomon, ang bahay na kanyang pinagawa, 4 ang pagkain sa kanyang hapag, ang tirahan ng kanyang mga alipin, ang bikas at kisig ng mga tauhan niya, ang kanyang mga tagadala ng kopa at ang kanilang mga kasuotan, at ang mga sinunog na handog na iniaalay niya sa Bahay ni Yawe at waring nawalan ito ng hininga. 5 Sinabi

ng reyna sa hari: "Totoo palang lahat ang naba-
litaan ko sa aking lupain tungkol sa iyo at sa
iyong karunungan. Hindi ko pinaniwalaan iyon
hanggat hindi ko napupuntahan at nakikita ng
aking mga mata. 6 Hindi pa ang kalahati ng
malawak mong karunungan ang aking naba-
litaan kundi nahigtan mo pa ang lahat ng narinig
ko.

7 Mapalad ang iyong mga sakop, mapapalad
ang iyong mga lingkod na laging nasa harapan
mo at nakikinig sa iyong karunungan! 8 Purihin si
Yaweng iyong Diyos na nagmamahal sa iyo at
naglagay sa iyo sa kanyang trono upang mag-
hari sa ngalan ni Yaweng iyong Diyos. Mahal ng
iyong Diyos ang Israel at gusto niyang patatagin
ito magpakailanman; dahil dito pinapaghari ka
niya dito upang gumawa ng karapatan at kata-
rungan.

9 Nagbigay siya sa hari ng sandaan at dala-
wampung talentong ginto, napakaraming pa-
bango at mahahalagang bato. Kailanman, di
nakikita ang napakaraming pabango, gaya ng
ibinigay ng reyna ng Seba kay Haring Solomon.

10 Ang mga tauhan ni Hiram at ang mga
tauhan ni Solomon na nagdala ng ginto mula sa
Ofir ay nagdala rin ng mamahaling kahoy at
mahahalagang bato. 11 Ang kahoy ng santol ay
ginamit ng hari sa pagpapagawa ng sahig ng
Bahay ni Yawe, ng palasyo ng hari at ng mga
sitara at mga salteryo para sa mga mang-aawit.
Wala pang nakakita ng kahoy na tulad nito sa
lupain ng Juda.

12 Ibinigay ni Haring Solomon sa reyna ng
Seba ang lahat ng gusto niya. Ginantihan din
niya ito sa lahat ng dala nito. At umuwi siya at
nagbalik sa kanyang bayan na kasama ang
kanyang mga lingkod.

13 Ang timbang ng gintong dumarating kay
Solomon taun-taon ay animnaraan at anim-
napu't anim na talento, 14 bukod pa sa buwis sa
mga mangangalakal at mga mamimili ng nag-
tamo at nagdala nito. Nagdala rin ng ginto at
pilak kay Solomon ang lahat ng hari ng Arabia
at ang mga nangangasiwa sa kaharian.

15 Gumawa ang Haring Solomon ng dalawan-
daang malalaking kalasag mula sa pinukpok na
ginto – itinubog ang bawat kalasag sa anim-
naraang shekel na ginto; 16 at tatlong daang
maliliit na kalasag mula sa pinukpok na ginto –
itinubog ang bawat isa sa tatlundaang shekel na
ginto. At inilagay niya ang mga ito sa palasyo na
"Gubat ng Lebanon."

17 Gumawa rin ang hari ng isang malaking
tronong marpil na binalutan niya ng lantay na
ginto. 18 May anim na baytang ang trono, isang
baytang sa likuran, at mga braso sa magkabi-
lang tabi ng upuan. 19 May dalawang leon na
nakatayo sa magkabilang tabi ng mga braso at
labindalawang leon pang nakatayo sa magkabi-
lang tabi ng anim na baytang. Wala pang naki-
tang katulad nito sa alinmang kaharian.

20 Yari sa ginto ang lahat ng kopa ni Haring
Solomon at lantay na ginto ang lahat ng kagami-
tan sa palasyo na "Gubat ng Lebanon". Hindi
nga pinahahalagahan ang pilak sa kapanahu-
nan ni Haring Solomon. 21 Sapagkat mayroong
mga barko ang hari na nagpupunta sa Tarsis
kasama ng mga kay Hiram; bumabalik ang mga
ito tuwing ikatlong taon buhat sa Tarsis na may
dalang ginto, pilak, marpil, mga unggoy at mga
pabo real.

22 Kayat daig ni Solomon ang lahat ng hari sa
lupa sa kayamanan at karunungan. 23 Gustong
makipagkita ng lahat ng hari sa lupa kay Solo-
mon upang pakinggan ang karunungang inila-
gay ng Diyos sa kanyang puso. 24 At taun-taong
nagdadala ang bawat isa sa kanila ng regalo:
mga bagay na pilak at ginto, mga damit, mga
sandata, mga pabango, mga kabayo at mga
mola.

25 May apat na libong kuwadra si Solomon
para sa kanyang mga kabayo at mga karwahe at
labindalawang libong mangangabayo na
ipinuwesto niya sa mga bayang pangkarwahe at
sa Jerusalem na malapit sa hari. 26 Naghari siya
sa lahat ng hari, mula sa Ilog hanggang sa lupain
ng mga Pilisteo at sa hangganan ng Ehipto.
27 Ginawa ng hari na parang karaniwang bato
ang pilak sa Jerusalem, at kasindami ng mga
sikomoro sa Mababang Lupa ang mga sedro.
28 Ipinagbili rin sa lahat ng bansa sa ngalan ni
Solomon ang mga kabayong galing sa Musri.

29 Ang iba pang nagawa ni Solomon, mula sa
pasimula hanggang wakas, ay nakasulat sa
kasaysayan ni propeta Natan, sa hula ni propeta
Ahias na Silonita at sa pangitain ng manghuhu-
lang si Ido tungkol kay Yeroboam na anak ni
Nabat. 30 Apatnapung taong naghari si Solomon
sa Jerusalem, na hari ng Israel. Pagkahimlay
niya kasama ng kanyang mga ninuno, inilibing
sa lunsod ni David, na kanyang ama, at hinalin-
han siya sa paghahari ng kanyang anak na si
Roboam.

**Si Roboam at ang kaharian ng Israel**

10 1 Nagpunta si Roboam sa Sikem, sapag-
kat doon nagpunta ang buong Israel
upang gawin siyang hari. 2 Nabalitaan iyon ni
Yeroboam na anak ni Nabat, na nasa Ehipto
matapos takasan si Haring Solomon. Bumalik
siya mula sa Ehipto, 3 sapagkat ipinatawag siya
ng mga tribu sa hilaga at dumating, kasama ng

mga ito. Sinabi nila kay Roboam: 4 “Mabigat ang
pasaning ibinigay sa amin ng iyong ama. Paga-
anin mo ang mabagsik na pang-aalipin ng iyong
ama at ang mabigat na pasaning ibinigay niya
sa amin at paglilingkuran ka namin.”
5 Sumagot siya: “Balikan ninyo ako makali-
pas ang tatlong araw.” At umalis ang bayan.
6 Sinangguni ni Haring Roboam ang matatan-
dang naglingkod sa kanyang amang si Solomon
noong nabubuhay pa ito, at itinanong: “Sa pala-
gay ninyo, ano’ng dapat kong isagot sa bayang
ito?” 7 At sinagot siya: “Kung magiging mabuti
ka sa bayang ito, kung masisiyahan sila sa iyo,
nang may mabuting salita, paglilingkuran ka
nila magpakailanman.”
8 Pinabayaan naman ni Roboam ang payo ng
matatanda at sinangguni niya ang mga kaba-
taang walang isip na kababata niya at ngayo’y
naglilingkod sa kanya. 9 Sinabi niya: “Sa pala-
gay ninyo, ano’ng dapat isagot sa bayang ito na
nagsabi sa akin: ‘pagaanin mo ang pasaning
ibinigay sa amin ng iyong ama’?” 10 Sumagot
ang mga binatang walang isip na kababata niya:
“Ano’ng dapat sabihin sa bayang nagsabi: ‘Ma-
bigat ang pasaning ibinigay sa amin ng iyong
ama; pagaanin mo ang aming pasanin?’ Isagot
mo sa kanila: ‘Mas makapal ang aking kaling-
kingan kaysa baywang ng aking ama.’ 11 Mabi-
gat man ang pasaning ipinataw ng aking ama,
mas mabigat ang ipapapasan ko sa inyo; hina-
gupit man kayo ng aking ama, hahagupitin ko
kayo ng latigong may tinik.”
12 Nang ikatlong araw, dumating si Yeroboam
at ang buong bayan kay Roboam; sinabi nga sa
kanila ng hari: Magbalik kayo sa akin makaraan
ang tatlong araw. 13 Pero matigas na ang isina-
got sa kanila ng hari nang pabayaan niya ang
payo ng matatanda. 14 Kinausap niya ang mga
ito, tulad ng ipinayo ng mga binatang walang-
isip at sinabi: “Mabigat ang pasaning ipinataw
ng aking ama, gagawin ko itong mas mabigat
pa. Hinagupit kayo ng aking ama at hahagupitin
ko kayo ng latigong may tinik pa.”
15 Hindi pinakinggan ng hari ang bayan. Gi-
nusto nga ng Diyos na matupad ang pangako ni
Yawe kay Yeroboam na anak ni Nabat sa pama-
magitan ni Ahias na Silonita. 16 Pagkakita ng
Israel na hindi sila pinansin ng hari, sinagot nila
ang hari: “Ano ba ang pakialam namin kay
David? Wala kaming mamanahin sa anak ni
Jese! Balik sa iyong mga tolda, Israel! Bahala ka
sa sarili mo, David!”
17 At bumalik ang buong Israel sa kani-
kanilang bayan. Ang mga Israelitang naninira-
han sa mga bayan ng Juda lamang ang pinag-
harian ni Roboam. 18 Ipinadala ni haring Roboam
si Adoram na tagapamahala ng mga ipinaga-
gawa ng hari ngunit binato siya ng mga Israelita
at namatay. Kayat nagmamadaling sumakay sa
kanyang karwahe si Haring Roboam at tumakas
pa-Jerusalem. 19 Sa ganito naging suwail ang
mga Israelita sa angkan ni David hanggang sa
kasalukuyan.

**Ang paghahari ni Roboam sa Juda**

11 1 Pagdating ni Roboam sa Jerusalem,
tinipon niya ang buong tribu ng Juda at
ng Benjamin: sandaa’t walumpung libong piling
mandirigma – upang labanan ang Israel at ibalik
ang pagkahari kay Roboam. 2 Ngunit sinabi ni
Yawe sa propetang si Semeyas: 3 “Sabihin mo
kay Roboam, na anak ni Solomon, na hari ng
Juda, at sa lahat ng Israelitang nasa Juda at
Benjamin.” 4 Sabi ni Yawe: “Huwag ninyong
labanan ang inyong mga kapatid. Magsiuwi na
kayong lahat pagkat galing sa akin ang lahat ng
ito. Pinakinggan nila ang salita ni Yawe at
nagsiuwi, sa halip na labanan si Yeroboam.
5 Umuwi si Roboam sa Jerusalem at nagsi-
mulang magtayo ng mga napapaderang lunsod
sa Juda. 6 Kinutaan niya ang Belen, Etam,
Tekoah, 7 Betsur, Soko, Adulam, 8 Gat, Maresa,
Ziv, 9 Adoraim, Lakis, Azeka, 10 Sora, Ayalon at
Hebron, na nasa Juda at Benjamin. 11 Pinatibay
niya ang pader ng mga lunsod na ito at nagta-
laga siya ng mga pinuno na may panustos na
pagkain, langis at alak. 12 Sa bawat lunsod na ito,
may mga kalasag at mga sibat. Sa gayon lalong
pinatibay niya ang mga lunsod na ito, at nasa-
kop niya ang Juda at Benjamin.
13 Humarap kay Roboam ang mga pari at
mga Levita ng buong Israel buhat sa lahat ng
dako ng lupain. 14 Iniwan ng mga Levita ang
kanilang mga pastulan at ari-arian at nagpunta
sila sa Juda at Jerusalem, sapagkat inagawan
sila ni Yeroboam at ng mga anak nito ng pag-
lilingkod kay Yawe bilang mga pari. 15 Nagtalaga
si Yeroboam ng kanyang sariling mga pari sa
mga altar sa burol para sambahin ang mga
barakong kambing at guyang ipinagawa niya.
16 Kasunod ng mga Levitang naghahanap kay
Yawe nang tapat, ay nagpunta rin sa Jerusalem
mula sa lahat ng tribu ng Israel upang mag-
handog kay Yaweng Diyos ng kanilang mga
ninuno. 17 Pinatibay nila ang kaharian ng Juda at
pinatatag ang kapangyarihan ni Roboam na
anak ni Solomon, sa loob ng tatlong taon; sa-
pagkat noon sinunod ang daan nina David at
Solomon.
18 Pinakasalan ni Roboam si Mahalat, na anak
ni Yerimot, na anak naman ni David at ni Abigail,
na anak na babae ni Eliab, na anak ni Jese.

19 Nagkaroon sila ng mga anak na lalaki na sina
Yeus, Semarias at Zaham. 20 At pinakasalan
niya si Maakang anak ni Absalon, at ang mga
anak niya rito ay sina Abias, Atai, Ziza at
Selomit. 21 Mahal ni Roboam si Maakang anak ni
Absalon, nang higit sa lahat niyang asawa at iba
pang babae. Labingwalo ang naging asawa niya
at animnapu ang kanyang babae at ang mga
anak niya ay dalawampu't walong lalaki at
animnapung babae.
22 Ipinauna ni Roboam si Abias, na anak ni
Maaka, at ginawang pinuno ng kanyang mga
kapatid, sapagkat binabalak niyang gawing hari
ito.
23 Buong kahusayan niyang ikinalat ang lahat
niyang anak sa lahat ng dako ng Juda at ng
Benjamin at sa lahat ng nakukutaang lunsod.
Binigyan sila ng lahat ng kailangan at ikinasal.

**12** 1 Nang malakas at matatag na ang pag-
hahari ni Roboam, tinalikdan niya at ng
buong Israel ang Batas ni Yawe. 2 Noong ikali-
mang taon ni Roboam, sinalakay ni Sosak na
hari ng Ehipto ang Jerusalem sapagkat hindi
sila naging tapat kay Yawe. 3 Nagdala ito ng
1,200 sasakyan, 60,000 kabayo at di-mabilang
na hukbo ng mga Libio, Sukita at Kusita na
sumama sa kanya buhat sa Ehipto. 4 Nasakop
niya ang mga napapaderang lunsod ng Juda at
nakaabot siya sa Jerusalem.
5 Kaya nagpunta si Semeyas na propeta kay
Roboam at sa mga pinuno ng Juda na nagtipun-
tipon sa Jerusalem dahil kay Sosak, at sinabi
niya sa mga ito: "Ito ang sabi ni Yawe: Pina-
bayaan ninyo ako kaya pinabayaan ko rin kayo
sa mga kamay ni Sosak." 6 At nagpakumbaba
ang mga pinuno ng Israel at ang hari, at sinabi:
"Makatarungan si Yawe!" 7 Nang makita ni Yawe
na nagpakumbaba sila, sinabi niya kay Seme-
yas: "Nagpakumbaba na sila kayat hindi ko na
sila pupuksain; sa halip ay ililigtas ko sila ma-
maya at hindi babagsak ang aking galit sa
Jerusalem sa pamamagitan ni Sosak. 8 Pero
magiging alipin sila upang makita nila ang kai-
bhan ng paglilingkod sa akin at ng paglilingkod
sa mga bansang dayuhan.
9 Sinalakay ni Sosak, na hari ng Ehipto, ang
Jerusalem at kinuha niya ang mga kayamanan
ng Bahay ni Yawe at ng bahay ng hari; kinuha
niyang lahat, pati ang mga kalasag na ginto na
ipinagawa ni Solomon. 10 Pinalitan ni Roboam
ang mga ito ng mga kalasag na tanso na ipinag-
katiwala niya sa mga pinuno ng mga bantay sa
mga pintuan ng bahay ng hari. 11 Tuwing pu-
punta ang hari sa Bahay ni Yawe, dinadala ng
mga bantay ang mga iyon at pagkatapos ay
ibinabalik sa silid ng mga bantay. 12 Nagpakum-
baba nga si Roboam, kayat lumayo sa kanya
ang galit ni Yawe at hindi na siya nilipol. May
mabubuting bagay pa rin sa Juda.
13 Tumatag ang paghahari ni Roboam sa
Jerusalem. Apatnapu't isang taong gulang siya
nang maghari, at naghari siya nang labimpitong
taon sa Jerusalem, ang lunsod na pinili ni Yawe
sa lahat ng tribu ng Israel, upang paglagyan ng
kanyang pangalan. Si Naamang Amonita ang
kanyang ina. 14 Ginawa niya ang masama,
sapagkat hindi niya dinibdib ang paghahanap
kay Yawe.
15 Ang kasaysayan ni Roboam, mula sa pasi-
mula hanggang wakas, ay nakasulat sa kasay-
sayan ni propeta Semeyas at ni Idong manghu-
hula. Doon din nakasulat ang mga kamag-anak
niya. Walang tigil ang digmaan nina Roboam at
Yeroboam. 16 Nahimlay si Roboam sa piling ng
kanyang mga ninuno at inilibing siya sa Lunsod
ni David. Hinalinhan siya ng kanyang anak na si
Abias.

### Ang paghahari ni Abias sa Juda

**13** 1 Nagsimulang maghari sa Juda si Abias
noong ikalabingwalong taon ni haring
Yeroboam. 2 Tatlong taon siyang naghari sa
Jerusalem. Si Maakang anak ni Uriel na taga-
Geba ang kanyang ina. Nagdigmaan sina Abias
at Yeroboam.
3 Nagsimulang makidigma si Abias na kasa-
ma ang apatnaraang libong piling lalaki na
magigiting na mandirigma at naghanay naman
si Yeroboam laban sa kanya ng walundaang
libong pili at matatapang na mandirigma. 4 Tu-
mayo si Abias sa bundok Semaraim sa kabun-
dukan ng Efraim at sumigaw: "Pakinggan ninyo
ako, Yeroboam at ng buong Israel! 5 Hindi pa ba
ninyo alam na ipinagkaloob na ni Yaweng Diyos
ng Israel magpakailanman ang paghahari sa
Israel kay David at sa kanyang mga anak bunga
ng isang kasunduang walang hanggan? 6 Ngunit
naghimagsik laban sa kanyang panginoon si
Yeroboam na lingkod ni Solomon na anak ni
David, 7 at sumama sa kanya ang mga taong
walang-kabuluhan at sukab at tumutol sila kay
Roboam, na anak ni Solomon. Bata pa si Ro-
boam at walang karanasan kayat hindi siya
nakapanindigan.
8 At binalak ninyo ngayon na makamtan ang
kaharian ni Yawe na nasa kamay ng mga anak
ni David? Napakarami nga ninyo ngunit nasa
inyo ang mga guyang ginto na ipinagawa ni
Yeroboam, na mga diyos ninyo. 9 Hindi ba't
itinaboy ninyo ang mga pari ni Yawe, ang mga

anak ni Aaron at ang mga Levita? Hindi ba't
gumawa kayo ng inyong mga pari tulad ng mga
tao sa ibang bansa? Kung may pumarito lamang
upang italaga sa pag-aalay ang isang batang
toro at pitong tupang lalaki, nagiging pari siya
ng mga hindi mga diyos. 10 Si Yawe naman ang
aming Diyos at hindi namin siya tinalikdan. Ang
mga inapo ni Aaron at ang mga Levita ang mga
paring naglilingkod kay Yawe. 11 Tuwing uma-
ga't hapon silang nagsusunog ng mga sinunog
na handog kay Yawe at ng mabangong insenso.
Nasa hapag na yaring lantay na ginto ang mga
tinapay. Nagsisindi kami tuwing hapon ng mga
ilawan ng kandelabrong ginto. Tinutupad nga
namin ang mga alituntunin ni Yaweng aming
Diyos na inyo namang pinabayaan.
12 Nangunguna sa amin ngayon ang Diyos
kasama ang kanyang mga paring may mga
trumpetang hihipan nang malakas laban sa
inyo. Mga anak ng Israel, huwag ninyong la-
banan si Yaweng Diyos ng inyong mga ninuno
sapagkat hindi kayo magtatagumpay!"
13 Iniutos ni Yeroboam na tambangan upang
salakayin sa likuran ang mga taga-Juda, kaya
nasa harap nila ang hukbo at nasa likuran nila
ang pananambang. 14 Nang lumingon ang mga
taga-Juda, napansin nilang sinasalakay sila sa
harapan at sa likuran. Tumawag sila kay Yawe
habang hinihipan ng mga pari ang mga trum-
peta. 15 Pinawalan ng mga taga-Juda ang sigaw
ng digmaan at sa pagsigaw nila, itinaboy ng
Diyos si Yeroboam at ang buong Israel sa harap
ni Abias at ng Juda. 16 Tumakas ang mga Is-
raelita sa harap ng Juda at ibinigay sila ng Diyos
sa kamay nito. 17 Malaking pagkatalo ang
idinulot sa kanila ni Abias at ng kanyang hukbo.
Limandaang libong piling lalaki ng Israel ang
nasawi. 18 Napahiya ang mga taga-Israel at
nagtagumpay ang mga taga-Juda sapagkat
nagpatulong sila kay Yaweng Diyos ng kanilang
mga ninuno. 19 Hinabol ni Abias si Yeroboam at
kinuha sa kanya ang mga lunsod: ang Betel at
ang mga nayong sakop nito, ang Yesana at ang
mga nayong sakop nito, at ang Efron at ang mga
nayong sakop nito. 20 Hindi na lumakas si
Yeroboam sa panahon ni Abias. Sinaktan siya ni
Yawe at namatay. At 21 lumakas naman si Abias,
nag-asawa ng labing-apat at nagkaanak ng
dalawampu't dalawang lalaki at labing-anim na
babae.
22 Ang iba pang kasaysayan ni Abias, ang
kanyang ginawa at sinabi ay nakasulat sa pag-
sasalaysay ni Idong propeta. 23 Pagkatapos, na-
himlay si Abias sa piling ng kanyang mga
ninuno at inilibing sa lunsod ni David. Hinalinhan
siya sa paghahari ng anak niyang si Asa. Sa
panahon niya, nagkaroon ng kapayapaan sa
lupain nang sampung taon.

**Ang paghahari ni Asa**

**14** 1 Ginawa ni Abias ang mabuti at ma-
tuwid sa mata ni Yaweng kanyang Diyos.
2 Inalis niya ang mga altar ng mga dayuhan at
ang mga altar sa burol. Dinurog niya ang mga
batong banal at ibinuwal ang mga haliging ba-
nal. 3 Ipinag-utos niya sa mga taga-Juda na
hanapin si Yaweng Diyos ng kanilang mga
ninuno at tupdin ang Batas at ang mga utos.
4 Pinaalis din niya sa lahat ng lunsod ng Juda ang
mga altar sa burol at ang mga haliging banal ng
araw. Naging mapayapa noon ang kaharian.
5 Nagpatayo siya sa Juda ng mga napapa-
derang lunsod sapagkat mapayapa ang lupain
at hindi siya nakipagdigmaan sa mga taong
iyon. Pinagkalooban nga siya ni Yawe ng kapa-
yapaan. 6 Sinabi ni Asa sa mga taga-Juda: "Ipa-
tayo natin ang mga lunsod na ito at paligiran ng
mga pader, mga tore, mga pintuan at mga
halang habang nasa kapangyarihan natin ang
lupain. Hinanap natin si Yaweng ating Diyos,
kaya hinanap niya tayo at binigyan ng kapaya-
paan sa lahat ng dako." Nagpatayo nga sila at
nagtagumpay.
7 May isang hukbo si Asa: tatlundaang libong
taga-Juda na may dalang malalaking kalasag at
sibat, at dalawandaan at walumpung libong
taga-Benjamin, na may dalang maliliit na kala-
sag at busog. Matatapang na mandirigma silang
lahat.
8 Sinalakay sila ni Zerak na Kusita na may
hukbong binubuo ng isang milyong kawal at
tatlundaang karwahe at umabot ito sa Maresa.
9 Sinalubong siya ni Asa at inihanay nito ang
hukbo sa lambak ng Sefata, sa hilaga ng Ma-
resa. 10 Tumawag si Asa kay Yaweng kanyang
Diyos at sinabi: "Yawe, madali sa iyo ang tumu-
long sa mahina o sa makapangyarihan. Kayat
tulungan mo kami, Yaweng aming Diyos. Sa-
pagkat sa iyo kami sumasandig, at sa iyong
ngalan namin sinasalakay ang makapal na huk-
bong ito. Yawe, ikaw ang Diyos. Huwag kang
magpatalo kaninuman."
11 Nilupig ni Yawe ang mga Kusita sa harap ni
Asa at ng Juda, at tumakas ang mga Kusita.
12 Tinugis sila ni Asa at ng kanyang mga tauhan
hanggang sa Gerar; nasawi ang mga Kusita at
walang natirang buhay sa kanila sapagkat nili-
pol sila sa harap ni Yawe at ng kanyang hukbo.
Napakarami ang nasamsam sa kanila. 13 Nilupig
din ang lahat ng lunsod sa paligid ng Gerar, at sa
paggawa ni Yawe ay nasindak sila. Inagawan
ang lahat ng lunsod doon sapagkat napaka-

yaman ng mga ito. Sinalakay din ang mga
kawan at tinangay ang maraming tupa at ka-
melyo. At nagbalik na sila sa Jerusalem.

15 1 Ang Espiritu ng Diyos ay napakay-
Azarias na anak ni Oded. 2 Pinuntahan
niya si Asa at sinabi: "Makinig kayo, Asa at lahat
ng taga-Juda at Benjamin. Sasainyo si Yawe
kung kayo ay sasakanya. Kung hinahanap
ninyo siya ay makikita ninyo siya; subalit kung
tinatalikdan ninyo siya ay tatalikdan niya kayo.
3 Sa loob ng mahabang panahon, walang tunay
na Diyos ang Israel, at walang paring magtuturo
at walang Batas. 4 Pero kung nasa gitna sila ng
hapis ay babalik sila kay Yaweng Diyos ng Israel
at hahanapin siya at matatagpuan nila si Yawe.
5 Sa panahong iyon, walang kapayapaan kundi
malaking kaguluhan para sa lahat ng naninira-
han sa mga bansa. 6 Maglalaban ang mga bansa
at lunsod sapagkat liligaligin sila ng Diyos ng
lahat ng uri ng salot. 7 Subalit lakasan ninyo ang
inyong loob at huwag manghina sapagkat ga-
gantimpalaan kayo sa inyong mga ginawa."
8 Nang marinig ni Asa ang mga salitang ito at
ang propesiyang ito, lumakas ang kanyang loob
at pinaalis niya ang lahat ng kasuklam-suklam
na mga diyus-diyusan sa buong lupain ng Juda
at ng Benjamin at sa lahat ng lunsod na kanyang
nalupig sa kabundukan ng Efraim. At isinaayos
ang altar ni Yawe na nasa harapan ng Bahay ni
Yawe.
9 Tinipon niya ang lahat ng taga-Juda at
Benjamin at ang mga galing sa Efraim sa
Manase at sa Simeon na naninirahan sa piling
nila sapagkat maraming taga-Israel ang suma-
ma sa kanya nang makita ng mga ito na suma-
sakanya si Yaweng kanyang Diyos. 10 Nagka-
tipun-tipon sila sa Jerusalem sa ikatlong buwan
ng ikalimang taon ng paghahari ni Asa. 11 Nang
araw na iyon, nag-alay sila kay Yawe ng pitun-
daang baka at pitunlibong tupa na galing sa
kanilang sinamsam. 12 Pinagtibay nila ang isang
kasunduan na hanapin si Yaweng Diyos ng
kanilang mga ninuno. 13 At dapat na mapatay
ang sinumang hindi humanap nang buong puso
at buong kaluluwa kay Yaweng Diyos ng Israel,
maliit man o malaki, lalaki man o babae. 14 Su-
mumpa sila nang malakas kay Yawe na may
kasamang malakas na saliw ng mga trumpeta at
mga tambuli. 15 Ikinagalak ng buong Juda ang
panata sapagkat ginawa nila ito nang buong
puso at kusang-loob nilang hinanap si Yawe
kayat napakita siya sa mga ito at pinagkalooban
ng kapayapaan sa lahat ng dako.
16 Inalisan ni haring Asa ng titulong Inang
Reyna ang kanyang ina sapagkat nagpagawa
ito ng isang diyus-diyusang Asera. Pinutol niya
ang diyus-diyusan, dinurog niya ito at sinunog
sa batis ng Kidron. 17 Hindi naman naalis ang
mga altar sa burol sa Israel. Gayunpaman,
buong-pusong hinanap ni Asa si Yawe habang
siya'y nabubuhay. 18 Dinala niya sa Bahay ni
Yawe ang mga handog na itinalaga ng kanyang
ama at ang kanyang sariling handog – mga
pilak, ginto at iba pang mga bagay. 19 Hindi
nagkaroon ng digmaan hanggang sa ikatat-
lumpu't limang taon ng paghahari ni Asa.

16 1 Nang ikatatlumpu't anim na taon ng
paghahari ni Asa, sinalakay ni Basan na
hari ng Israel ang Juda at kinutaan ang Rama
upang hadlangan ang pakikipag-ugnayan ng
Juda kay Haring Asa. 2 Kinuha naman ni Asa
ang pilak at ginto sa mga kabang-yaman ng
Bahay ni Yawe at ng bahay ng hari, at ipinadala
ang mga ito kay Benadad, na hari ng Siria, at
naninirahan sa Damasco, at ipinasabi dito:
3 "Gumawa tayo ng tipan, kagaya ng ginawa ng
aking ama at ng iyong ama. Pinadalhan kita ng
pilak at ginto. Sirain mo ang kasunduan ninyo ni
Basan na hari ng Israel upang layuan niya ako."
4 Pinakinggan ni Benadad si haring Asa at ipi-
nadala nito ang mga pinuno ng kanyang hukbo
laban sa mga lunsod ng Israel, at nilupig nila ang
Ion, Dan, Abelmain at lahat ng lunsod na imba-
kan sa Neftali. 5 Nang malaman iyon ni Basa,
inihinto niya ang pagpapagawa sa Rama at
iniwan iyon. 6 Isinama naman ni haring Asa ang
buong Juda at kinuha nila sa Rama ang mga
bato at kahoy na ginamit ni Basa sa pagpa-
pagawa. Ginamit niya ang mga ito para pati-
bayin ang Geba at Mispa.
7 Nang panahong iyon, pinuntahan ng mang-
huhulang si Hanani si Asang hari ng Juda at
sinabi sa kanya: "Sapagkat nananalig ka sa hari
ng Aram at hindi kay Yaweng iyong Diyos,
nakawala sa iyong kamay ang hukbo ng hari ng
Aram. 8 Hindi ba isang malaking hukbo ang mga
Kusita at mga Libio na may mga karwahe at
maraming mangangabayo? Gayunpaman, sa-
pagkat nanalig ka kay Yawe, inilagay niya ang
mga ito sa iyong mga kamay. 9 Sapagkat gina-
galugad ng mga mata ni Yawe ang buong
mundo upang palakasin ang mga naghahanap
sa kanya nang buong-puso. Nanlinlang ka sa
bagay na ito kaya magmula ngayon ay magka-
karoon ka ng mga digmaan."
10 Nagalit si Asa sa manghuhula dahil sa mga
sinabi nito at ikinadena niya ito sa bilangguan.
Nang panahon ding iyon pinahirapan niya ang
mga taumbayan.
11 Ang kasaysayan ni Asa, mula sa pasimula

hanggang sa wakas, ay nakasulat sa Aklat ng
mga Hari ng Juda at ng Israel. 12 Nang taong
ikatatlumpu't siyam ng kanyang paghahari,
nagkasakit nang malubha si Asa sa paa. 13 Sa
kanyang pagkakasakit ay hindi siya dumulog
kay Yawe kundi sa mga manggagamot. Pagka-
tapos namatay si Asa noong ikaapatnapu't
isang taon ng kanyang paghahari. Ibinaon siya
sa libingang ipinagawa niya sa Lunsod ni David;
at inihiga siya sa isang higaang puno ng mga
pabangong inihanda, ayon sa sining ng pag-
gawa ng mga pabango, at sinuob ng sinunog na
napakaraming pabango.

**Si Yosafat ng Juda**

**17** 1 Hinalinhan siya ng kanyang anak na
si Yosafat na nagpalakas laban sa Israel.
2 Nagpuwesto si Yosafat ng mga kawal sa lahat
ng napapaderang lunsod ng Juda, mga gober-
nador sa buong lupain ng Juda at sa mga lunsod
ng Efraim, na nasakop ni Asa na kanyang ama.
3 Napakay-Yosafat si Yawe sapagkat luma-
kad siya sa mga daang sinundan ng kanyang
ama at hindi niya hinanap ang mga Baal, 4 kundi
ang Diyos ng kanyang ama. Lumakad siya ayon
sa mga utos nito at hindi tinularan ang ginagawa
ng Israel. 5 Pinatatag ni Yawe ang kanyang pag-
hahari. Ang lahat ng taga-Juda ay nagdala ng
mga regalo kay Yosafat at nagkaroon siya ng
malaking kayamanan at karangalan. 6 Masi-
gasig siya sa paglilingkod kay Yawe at inalis
niya sa Juda ang mga altar sa burol at ang mga
banal na haligi.
7 Nang ikatlong taon ng kanyang paghahari,
sinugo niya ang kanyang mga opisyal na sina
Benhail, Abdias, Zacarias, Nataniel at Mikeas
upang magturo sa mga lunsod ng Juda. 8 Ka-
sama nila ang mga Levitang sina Semeyas,
Netanias, Zebadias, Asael, Semiramot, Yona-
tan, Adonias, Tobias at Tobadonias, pati ang
mga paring sina Elisama at Yoram. 9 Kayat
nagturo sila sa Juda. Dala nila ang aklat ng
Batas ni Yawe. Nilibot nila ang lahat ng lunsod
ng Juda at tinuruan ang bayan.
10 Bumagsak ang poot ni Yawe sa lahat ng
kaharian ng lupaing nasa paligid ng Juda kayat
hindi nito dinigma si Yosafat. 11 Nagdala ang
mga Pilisteo ng mga regalo at buwis na pilak.
Nagdala rin ang mga Arabe ng mga kawan:
pitunlibo't pitundaang tupang lalaki at pitong
libo't pitundaang kambing na lalaki. 12 Lumakas
nang lumakas si Yosafat at nagpatayo siya ng
mga kuta sa Juda at mga lunsod na imbakan.
13 Marami siyang manggagawa sa mga lunsod
ng Juda at mga magiting na mandirigma sa
Jerusalem.
14 Ito ang listahan ayon sa kanilang mga
angkan: para sa tribu ng Juda, si Adna ang
namuno sa mga pinuno ng libo, na may kasa-
mang 300,000 matatapang na mandirigma.
15 Sa tabi niya ang pinunong si Hoyanan na may
kasamang 280,000 tao. 16 Sa tabi pa rin niya si
Amasias na anak ni Zikri, na nagkusang mag-
lingkod kay Yawe na may kasamang 200,000
matatapang na mandirigma.
17 Para sa tribu ng Benjamin, si Eliadang
matapang na mandirigma, na may kasamang
200,000 taong may hawak na pana at kalasag.
18 Kasama niya si Yozabad na may kasamang
180,000 sandatahang tao. Ito ang mga nagli-
lingkod sa hari, bukod pa ang mga ipinuwesto
niya sa mga napapaderang lunsod sa buong
Juda.

**Yosafat at Akab**

**18** 1 Nang nagtatamasa na si Yosafat sa
kayamanan at karangalan, naging ka-
mag-anak siya ni Akab sa kasal. 2 Makalipas
ang ilang taon, dumalaw siya kay Akab sa
Samaria. Nagpatay si Akab ng maraming tupa
at baka para sa kanya at sa mga tauhang
kasama niya at sinulsulan siyang lumusob sa
Ramot Galaad. 3 Sinabi ni Akab na hari ng Israel,
kay Yosafat na hari ng Juda: "Sasama ka ba sa
akin laban sa Ramot Galaad?" Sumagot ito sa
kanya: "Iisa tayo, ikaw at ako, ang aking bayan
at ang iyong bayan; kasama mo kami sa
labanan." 4 Sinabi rin naman ni Yosafat sa hari
ng Israel: "Sumangguni ka muna sa salita ni
Yawe."
5 Tinipon ng hari ng Israel ang mga propeta
na apatnaraang katao, at itinanong sa mga ito:
"Dapat ko bang salakayin ang Ramot Galaad o
hindi?" Sumagot sila: "Sumalakay ka at ibibigay
iyon ni Yawe sa kamay ng hari." 6 Ngunit nagta-
nong si Yosafat: "Wala na bang ibang propeta ni
Yawe upang masangguni natin sa pamamagitan
niya?" 7 Sumagot ang hari ng Israel: "Mayroon
pang isang lalaki upang masangguni si Yawe,
ngunit kinamumuhian ko siya dahil wala siyang
mabuting naipahahayag sa akin, kundi pawang
masama lamang. Siya si Mikeas, na anak ni
Yimla. 8 Sumagot si Yosafat: "Huwag kang mag-
salita nang ganyan." Tinawag ng hari ng Israel
ang isang opisyal at sinabi rito: "Dalhin mo agad
dito si Mikeas, na anak ni Yimla."
9 Ang hari ng Israel at si Yosafat na hari ng
Juda ay nakaupo sa kanya-kanyang trono, suot
ang damit-panghari, sa giikan sa may pintuan
ng Samaria, samantalang gumagawa ng pro-
pesiya ang lahat ng propeta sa harapan nila.
10 Nagpagawa si Sedekias, na anak ni Kenana,

ng mga sungay na bakal at nagsabi: "Ito ang sinasabi ni Yawe: 'Susuwagin mo ng mga ito ang mga Sirio hanggang mapuksa sila.'" 11 At gayon din nagsalita ang lahat ng propeta: "Sumalakay ka sa Ramot Galaad at magtatagumpay ka. Ilalagay iyon ni Yawe sa kamay ng hari."

12 Kaya nagsabi kay Mikeas ang sugong napadala upang tawagin siya: "Hayun, iisa ang hula ng mga propeta: magtatagumpay ang hari. Ganito rin ang sabihin mo at ihula mo ang mabuti." 13 Pero sumagot si Mikeas: "Buhay si Yawe, kayat sasabihin ko kung ano ang sabihin sa akin ng aking Diyos." 14 Pagdating niya sa hari ay itinanong sa kanya nito: "Mikeas, dapat ba kaming lumusob sa Ramot Galaad o hindi?" Sumagot siya: "Sumalakay kayo at magtatagumpay. Ibibigay sila sa inyong mga kamay!" 15 Pero sinabi ng hari: "Ilang beses akong magtatanong at wala kang ibang sasabihin sa akin kundi ang katotohanan sa ngalan ni Yawe?" 16 Sumagot si Mikeas: "Nakita ko ang buong Israel na kalat-kalat sa kaburulan na parang mga tupang walang pastol." At sinabi ni Yawe: "Wala nang amo ang mga ito, kayat umuwi na sila nang mapayapa sa kani-kanilang bahay."

17 Sinabi ng hari ng Israel kay Yosafat: "Hindi ba sinabi ko na sa iyo na wala iyang inihuhulang mabuti sa akin kundi pawang masama?" 18 At sinabi ni Mikeas: "Pakinggan ninyo ang salita ni Yawe. Nakita ko si Yaweng nakaupo sa kanyang trono at nasa kanyang kanan at kaliwa ang buong hukbo ng langit." 19 At itinanong ni Yawe: "Sino ang lilinlang kay Akab na hari ng Israel, upang lumusob siya at mabuwal sa Ramot Galaad?" At iba-iba ang sagot ng bawat isa. 20 Kayat lumapit ang espiritu, humarap kay Yawe at sabi: "Ako ang lilinlang sa kanya." Itinanong ni Yawe: "Paano?" 21 Sumagot iyon: "Pupunta ako at magiging isang espiritung sinungaling sa bibig ng lahat ng propeta." Sinabi ni Yawe: 22 "Malilinlang mo nga siya; sige, gawin mo iyan." Kayat naglagay si Yawe ng isang espiritung sinungaling sa bibig ng mga propetang ito; sapagkat masama ang inihula ni Yawe.

23 At lumapit si Sedekias, na anak ni Kenana, at sinampal niya si Mikeas, at sinabi: "Saan ba nagdaan ang espiritu ni Yawe nang umalis ito sa akin upang kausapin ka?" 24 Sumagot si Mikeas: "Makikita mo rin sa araw na magbabahay-bahay ka upang magtago." 25 Sinabi ng hari ng Israel: "Bihagin ninyo si Mikeas at dalhin siya kay Amon na gobernador ng lunsod at kay Yoas, na anak ng hari, 26 at sabihin ninyo: 'Ito ang sabi ng hari: Ibilanggo ninyo siya, pakanin lamang ng tinapay at tubig hanggang sa makabalik akong matagumpay.'" 27 Sinabi ni Mikeas: "Kapag nagbalik kang matagumpay, hindi nagsalita sa bibig ko si Yawe."

28 Sinalakay ng hari ng Israel at ni Yosafat, na hari ng Juda, ang Ramot Galaad. 29 Sinabi ng hari ng Israel kay Yosafat: "Magbabalatkayo ako sa labanan, ngunit magsuot ka ng iyong kasuotan." 30 Nagbalatkayo nga ang hari ng Israel at nagsimulang lumaban. Iniutos naman ng hari ng Aram sa mga pinuno ng mga karwahe: "Huwag ninyong salakayin ang sinuman, malaki man o maliit kundi ang hari ng Israel." 31 Nang makita ng mga pinuno ng mga karwahe si Yosafat, ang akala ng mga ito ay siya ang hari ng Israel at pinaligiran siya upang salakayin. Ngunit tumawag nang malakas si Yosafat kay Yawe at tinulungan siya nito at inilayo ang mga kalaban sa kanya. 32 Nalaman ng mga pinuno ng mga karwahe na hindi siya ang hari ng Israel at nilayuan siya.

33 Nagkataon namang nagpakawala ng palaso nang walang abug-abog ang isang sundalong Arameo at tinamaan ang hari ng Israel sa hugpungan ng kanyang baluti. Sinabi niya sa nagpapatakbo ng kanyang karwahe: "Bumalik ka at ilabas mo ako sa labanan sapagkat nasugatan ako nang malubha." Pero lumubha ang labanan kayat kinailangang itayo nila ang hari ng Israel sa kanyang karwahe sa harap ng mga Arameo hanggang hapon, at namatay siya paglubog ng araw.

**19** 1 Ligtas na nagbalik si Yosafat, na hari ng Juda sa kanyang bahay sa Jerusalem. 2 Sinalubong siya ni Yehung anak ni Hananing manghuhula at sinabi nito sa hari: "Dapat mo bang tulungan ang isang buhong at mahalin ang mga namumuhi kay Yawe? Dahil dito ang galit ni Yawe ay babagsak sa iyo. 3 Gayunman, natagpuan pa sa iyo ang mabubuting bagay sapagkat inalis mo sa iyong lupain ang mga banal na haligi at itinalaga mo ang iyong sarili sa paghahanap sa Diyos."

4 Nanatili si Yosafat sa Jerusalem pero muli siyang lumabas upang dalawin ang kanyang bayan mula sa Berseba hanggang sa bundok ng Efraim, at pinapagbalik-loob niya iyon kay Yaweng Diyos ng kanyang mga ninuno. 5 Itinalaga niya ang mga hukom sa buong lupain, sa lahat ng napapaderang lunsod ng Juda, 6 at sabi niya sa mga hukom: "Mag-ingat kayo sa inyong ginagawa, sapagkat humahatol kayo, hindi sa ngalan ng mga tao kundi sa ngalan ni Yawe; sumasainyo siya sa paggagawad ninyo ng katarungan. 7 Sumainyo nawa ang pitagan kay Yawe. Mag-ingat kayong mabuti sa inyong gi-

nagawa sapagkat walang pagtatangi sa tao o
pagtanggap ng suhol si Yaweng ating Diyos.

8 Humirang din si Yosafat sa Jerusalem ng
mga Levita, mga pari at pinuno ng mga angkang
Israelita para sa mga paghahatol sa ngalan ni
Yawe at para sa mga paglilitis. Sa Jerusalem sila
nanirahan. 9 Inatasan sila ni Yosafat: "Gumawa
kayo nang may paniniwala, katapatan at pita-
gan kay Yawe. 10 Sa lahat ng usaping darating sa
inyo na galing sa inyo ng mga kapatid na nasa
kani-kanilang mga lunsod; maging usapin man
dahil sa dugo, o tungkol sa Batas, kautusan,
mga alituntuning tagubilin; kinakailangang
maliwanagan ninyo sila upang huwag silang
magkasala kay Yawe, at baka magalit si Yawe sa
inyo at sa inyong mga kapatid. Gawin ninyo ito
at hindi kayo magkakasala. 11 Si Amarias na
Punong Pari ang siyang mamumuno sa lahat ng
usapan tungkol kay Yawe, at si Zebadias na
anak ni Ismael at prinsipe ng tribu ng Juda, sa
lahat ng usapin ng hari. Tutulungan kayo ng
mga Levita na magiging inyong mga tagasulat.
Lakasan ang inyong loob at gumawa. Mapasa-
taong mabuti nawa si Yawe!"

**20** 1 Pagkatapos nito, nakidigma kay Yosa-
fat ang mga Moabita at mga Amonita,
kasama ang mga Maonita. 2 Ibinalita kay Yosa-
fat: "Lulusubin ka ng makapal na taong galing sa
kabilang ibayo ng dagat ng Edom. Nasa Hasa-
son Tamar sila, o sa Engadi." 3 Natakot si Yosa-
fat at ibig na sangguniin si Yawe, kaya ipinag-
utos niya sa buong Juda ang isang pag-aayuno.
Nagtipun-tipon ang mga taga-Juda upang
humingi ng tulong kay Yawe. 4 Nagsidating sila
mula sa lahat ng lunsod ng Juda upang mana-
langin kay Yawe.

5 Tumayo si Yosafat sa gitna ng pagtitipon ng
Juda at ng Jerusalem sa Bahay ni Yawe sa
harapan ng bagong patyo 6 at sinabi niya: "O
Yaweng Diyos ng aming mga ninuno, di ba't
ikaw ang Diyos sa langit? Di ba't ikaw ang
naghahari sa lahat ng kaharian ng mga bansa?
Nasa iyong kamay ang lakas at kapangyarihan
at walang nakalalaban sa iyo. 7 Di ba't ikaw O
aming Diyos, ang nagpalayas sa mga nakatira
sa lupang ito sa harapan ng iyong bayang Israel
at ibinigay mo ito sa lahi ng iyong kaibigang si
Abraham magpakailanman? 8 Naninirahan sila
rito at nagpatayo sila ng isang santuwaryo para
sa iyong Pangalan at nagsabi: 9 "Kapag sumapit
sa amin ang sakuna: digmaan, parusa, salot,
taggutom, tatayo kami sa harapan ng Bahay na
ito at sa harapan mo – sapagkat sa bahay na ito
naninirahan ang iyong Pangalan. Tatawag kami
sa iyo sa aming pagdurusa at pakikinggan mo
kami at ililigtas.

10 At narito ngayon ang mga Amonita at
Moabita at ang mga taga-Seir. Hindi mo pina-
hintulutang pasukin sila ng Israel noong duma-
ting ito mula sa lupain ng Ehipto, kundi nilayuan
sila ng Israel at hindi sila pinuksa. 11 Ngayo'y ito
ang iginaganti nila sa amin: Gusto nilang pala-
yasin kami sa lupaing ipinagkaloob mo sa amin.
12 O aming Diyos, hindi mo ba igagawad sa
kanila ang katarungan? Sapagkat wala kaming
lakas para harapin ang makapal na hukbong ito
na sumasalakay sa amin. Hindi namin alam ang
aming gagawin, pero sa iyo nakabaling ang
aming paningin."

13 Nakatayo ang lahat ng taga-Juda sa hara-
pan ni Yawe kasama ang kanilang mga maliit na
bata, ang kanilang mga asawa at mga anak.
14 At sa gitna ng pagtitipon, napakay Yahaziel
ang Espiritu ni Yawe. (Anak siya ni Zacarias, na
anak ni Benaya, na anak ni Yeiel, na anak ni
Matanias na Levita, sa mga anak ni Asaf.) 15 At
sinabi niya: "Makinig kayo, lahat ng taga-Juda,
mga taga-Jerusalem at ikaw, haring Yosafat! Ito
ang sinasabi sa inyo ni Yawe: 'Huwag kayong
matakot o masindak sa dami ng mga taong
iyan, sapagkat hindi sa inyo, kundi kay Yawe,
ang labanang ito. 16 Lumusong kayo bukas
laban sa kanila; aahon sila sa dalisdis ng Bu-
laklak at masasalubong ninyo sila sa dulo ng
lambak sa may disyerto ng Yeruel.' 17 Huwag na
kayong lumaban doon, kundi huminto at ma-
kikita ninyo ang pagliligtas ni Yawe sa inyo, mga
taga-Juda at Jerusalem. Huwag kayong mata-
kot o masindak; salubungin ninyo sila bukas at
sasainyo si Yawe."

18 Iniyukod ni Yosafat ang mukha sa lupa at
lahat ng taga-Juda at mga taga-Jerusalem ay
nagpatirapa sa harapan ni Yawe upang sam-
bahin siya. 19 Noon nagsitindig ang mga Levita
sa angkan ng mga Kaatita at Koreita upang
purihin nang napakalakas si Yaweng Diyos ng
Israel.

20 Bumangon sila nang maaga kinabukasan
at lumabas papunta sa disyerto ng Tekoa. Pag-
alis nila, tumayo si Yosafat at nagsabi: "Paking-
gan ninyo ako, mga taga-Juda at mga taga-
Jerusalem. Manalig kayo kay Yaweng inyong
Diyos at aalalayan kayo; manalig kayo sa kan-
yang mga propeta at magtatagumpay kayo!"
21 Pagkatapos na makipagsanggunian sa ba-
yan, pinalakad niya ang mga mang-aawit ni
Yawe sa unahan ng hukbo; suot nila ang mga
banal na damit at umawit sila: "Purihin si Yawe
sapagkat walang hanggan ang kanyang pag-
ibig." 22 Samantalang sinisimulan nila ang pag-

awit at pagpupuri, naglagay si Yawe ng mga
tambang sa mga Amonita, mga Moabita at mga
taga-Seir na dumating para sumalakay sa Juda
at natalo ang mga ito. [23] Nilabanan ng mga
Amonita at mga Moabita ang mga taga-Seir
upang lipulin at puksain ang mga ito; pagka-
tapos na lipulin ang mga ito ay sila-sila naman
ang nagsumpaan at nagpatayan.
[24] Pagdating ng mga taga-Juda sa tuktok na
maaaring matanaw ang disyerto, nakita nila ang
napakaraming bangkay na nagkalat sa lupa;
walang natirang buhay. [25] Kayat dumating si
Yosafat at ang kanyang hukbo upang samsamin
ang mga naging kanila. Nakatagpo sila ng ma-
raming hayop, damit at mga bagay na ma-
hahalaga. Tinipon nila ang lahat ng ito at hindi
nila malaman kung paano ito dadalhin. Tatlong
araw ang itinagal ng pagsamsam dahil sa dami
ng mga bagay. [26] Nang ikapat na araw, nag-
tipun-tipon sila sa lambak ng Beraka. Tinata-
wag ang lugar na iyon na Beraka, o *pagpapala*,
hanggang ngayon, sapagkat doon sila pinag-
pala ni Yawe. [27] At masayang bumalik sa Jeru-
salem ang lahat ng taga-Juda at Jerusalem sa
pamumuno ni Yosafat, sapagkat pinuspos sila
ng kaligayahan ni Yawe sa kapinsalaan ng kani-
lang mga kaaway. [28] Pumasok sila sa Jerusalem
nang may mga salteryo, sitara at trumpeta
upang tumuloy sa bahay ni Yawe. [29] Nalaga-
napan ng pagkasindak kay Yawe ang lahat ng
kalapit-kaharian nang malaman nitong nila-
banan ni Yawe ang mga kaaway ng Israel. [30] At
wala nang kaguluhan ang paghahari ni Yosafat
sapagkat pinagkalooban siya ng Diyos ng ka-
payapaan sa lahat ng dako.
[31] Naghari nga si Yosafat sa Juda. Tatlumpu't
limang taong gulang siya nang maging hari, at
dalawampu't limang taon siyang naghari sa
Jerusalem. [32] Si Azubang anak ni Sihil, ang
kanyang ina. Lumakad siya sa daan ng kanyang
amang si Asa nang di lumilihis dito at ginawa
niya ang matuwid sa paningin ni Yawe. [33] Ga-
yunman, hindi napawi ang mga altar sa burol
sapagkat hindi pa nagbabalik-loob ang bayan
sa Diyos ng kanilang mga ninuno. [34] Ang iba
pang mga gawa ni Yosafat, mula sa pasimula
hanggang wakas, ay nakasulat sa kasaysayan
ni Yehung anak ni Hanani na isinama sa aklat ng
mga Hari ng Israel.
[35] Pagkatapos nito, nakianib si Yosafat na
hari ng Juda, kay Ocozias, na hari ng Israel, na
nakagawa ng masama. [36] Sumama siya rito sa
paggawa ng mga barkong maglalayag sa Tar-
sis, at ginawa ang mga barko sa Asiongaber.
[37] At nagpropesiya si Eliezer na anak ni Dodaya,
na taga-Maresa, laban kay Yosafat na nagsabi:
"Sapagkat sumama ka kay Ocozias, winasak na
ni Yawe ang iyong mga ginawa." Nawasak nga
ang mga barko at hindi na nakarating sa Tarsis.

**Si Yoram, hari ng Juda**

21 [1] Pagkatapos, inihimlay si Yosafat sa pi-
ling ng kanyang mga ninuno at inilibing
sa Lunsod ni David. Hinalinhan siya ng kanyang
anak na si Yoram.
[2] May anim na kapatid si Yoram, na mga anak
ni Yosafat: sina Azarias, Yehiel, Zacarias, Mikael
at Sefatias, na pawang mga anak ni Yosafat na
hari ng Juda. [3] Binigyan sila ng kanilang ama ng
maraming pilak, ginto at mahahalagang bagay,
pati mga napapaderang lunsod ng Juda; pero
ang kaharian ay ibinigay kay Yoram, sapagkat
siya ang panganay. [4] Nang napasa-kay Yoram
na ang pagkahari ng kanyang ama at siya'y
matatag na, pinatay niya sa tabak ang lahat
niyang kapatid at ilang opisyal sa Israel.
[5] Tatlumpu't dalawang taong gulang si
Yoram nang magsimulang maghari at walong
taon siyang naghari sa Jerusalem. [6] Sumunod
siya sa asal ng mga hari ng Israel at tinularan
niya ang sambahayan ni Akab, sapagkat naging
asawa niya ang anak ni Akab at ginawa niya ang
masama sa paningin ni Yawe. [7] Gayunman,
ayaw ni Yaweng wasakin ang sambahayan ni
David, alang-alang sa tipang ginawa niya kay
David nang pinangakuan niya ito na paglala-
gablabin niya ang ilawan para rito at sa mga
anak nito magpakailanman.
[8] Nang panahong iyon, naghimagsik ang
Edom at tinakasan ang kapangyarihan ng Juda;
at gumawa ang mga Edomita ng sariling hari.
[9] Nagpunta roon si Yoram, kasama ang kanyang
mga pinuno at lahat ng kanyang karwahe at
tinalo niya kinagabihan ang mga Edomitang
kumubkob sa kanya at sa mga pinuno ng mga
karwahe.
[10] Ganito tumakas ang Edom sa kapangyari-
han ng Juda hanggang sa kasalukuyan. Nang
panahon ding iyon, naghimagsik din ang Libna
laban sa kanya sapagkat tinalikdan niya si Ya-
weng Diyos ng kanyang mga ninuno. [11] Gu-
mawa rin siya ng mga altar sa burol sa kabun-
dukan ng Juda. Sa gayon, inakit niyang ipagbili
ang sarili ng mga taga-Jerusalem at inilihis ang
buong Juda.
[12] Dumating sa kanya ang isang sulat ni pro-
peta Elias na nagsasaad: "Ito ang sinasabi ni
Yaweng Diyos ni David na iyong ama: Hindi ka
lumakad sa daan ng ama mong si Yosafat, at ni
Asang hari ng Juda, [13] kundi tinahak mo ang
daan ng mga hari ng Israel, at inakit mong
ipagbili ang sarili ng mga taga-Juda at ng mga

taga-Jerusalem, gaya ng ginawa ng sambaha-
yan ni Akab. Ipinapatay mo rin ang iyong mga
kapatid, na mula sa sambahayan ng iyong ama
at mabubuti kaysa iyo. 14 Kayat hahampasin ni
Yawe ang iyong bayan, ang iyong mga anak,
mga asawa at ang lahat ng sa iyo. 15 Pahihirapan
ka ng malubhang sakit sa bituka at lalabas ang
bituka mo pagkalipas ng dalawang taon."

16 Pinukaw ni Yawe laban kay Yoram ang mga
Pilisteo at mga Arabe, na kalapit ng mga Kusita.
17 Nilusob nila ang Juda, pinasok ito at tinangay
nila ang lahat ng kayamanang natagpuan nila sa
bahay ng hari, pati ang kanyang mga anak at
mga asawa. Walang iniwang anak sa kanya
kundi si Ocozias na siyang bunso sa lahat.
18 Pagkatapos nito, hinampas siya ni Yawe ng
isang sakit sa bituka na walang lunas. 19 Maka-
lipas ang dalawang taon, lumabas ang kanyang
bituka at namatay siya sa gitna ng napaka-
tinding sakit. Hindi nagsuob ng mga pabango
ang bayan para sa kanya, gaya ng ginawa para
sa kanyang ama.

20 Tatlumpu't dalawang taong gulang siya
nang magsimulang maghari at walong taon
siyang naghari sa Jerusalem. Yumao siya nang
walang nananangis sa kanya at inilibing siya sa
Lunsod ni David ngunit hindi sa libingan ng mga
hari.

**Ang paghahari ni Ocozias sa Juda**

**22** 1 Ginawang hari ng mga taga-Jerusalem
si Ocozias na bunso ni Yoram bilang
kahalili nito. Pinagpapapatay nga ng pangkat ng
mga Arabeng lumulusob sa kampo ang lahat ng
kanyang matatandang kapatid. Kayat naging
hari si Ocozias, na anak ni Yoram, na hari ng
Juda. 2 Dalawampu't dalawang taong gulang si
Ocozias nang magsimulang maghari at isang
taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Ataliang
anak ni Omri ang kanyang ina.

3 Tinahak din niya ang daan ng sambahayan
ni Akab, sapagkat pinayuhan siya nang masa-
ma ng kanyang ina. 4 Ginawa niya ang masama
sa paningin ni Yawe gaya ng sambahayan ni
Akab, sapagkat ito ang mga nagpayo sa kanya,
pagkamatay ng kanyang ama, sa kanyang ika-
pahahamak. 5 Bunga ng kanilang payo kaya
siya sumama kay Yoram na anak ni Akab, na
hari ng Israel, upang makidigma kay Hazael na
hari ng Aram, sa may Ramot Galaad. Nasugatan
ng mga Arameo si Yoram. 6 At nagbalik siya sa
Jezrael upang magpagaling sa mga sugat na
tinamo niya sa Ramot sa kanyang pakikipagla-
ban kay Hazael, na hari ng Aram.

Lumusong sa Jezrael si Ocozias, na anak ni
Yoram, na hari ng Juda, upang dalawin si Yo-
ram, na anak ni Akab, sapagkat ito'y nagka-
sakit. 7 Galing talaga sa Diyos ang pagdalaw na
iyon kay Yoram, upang ikapahamak ito ni Oco-
zias. Pagdating niya roon umalis siyang kasama
ni Yoram laban kay Yehung anak ni Nimsi, na
hinirang ni Yawe upang lipulin ang angkan ni
Akab. 8 Habang inilalapat ni Yehu ang kataru-
ngan sa sambahayan ni Akab, natagpuan niya
ang mga pinuno ng Juda at ang mga kamag-
anak ni Ocozias na naglilingkod dito at pinagpa-
patay niya ang mga ito. 9 At hinanap niya si
Ocozias at nahuli ito samantalang nagtatago sa
Samaria. Dinala siya kay Yehu at pinatay siya
nito. Ngunit inilibing siya sapagkat sinabi nila:
"Anak siya ni Yosafat na naghanap kay Yawe
nang buong-puso." Kayat walang natira sa sam-
bahayan ni Ocozias upang makapaghari.

**Si Atalia**

10 Nang makita ni Ataliang ina ni Ocozias, na
namatay ang kanyang anak, ipinasya niyang
puksain ang buong lahi ng mga hari ng Juda.
11 Ngunit kinuha ni Yosafat, na anak na babae ng
hari, si Yoas, na anak na lalaki ni Ocozias, at
lihim na inilayo sa ibang mga anak ng hari na
ipinapatay, at dinala siya at ang kanyang yaya
sa silid-tulugan. Sa gayon ang bata ay naitago
kay Atalia ni Yosafat na anak na babae ni haring
Yoram at asawa ng paring si Yoyada at kapatid
ni Ocozias; hindi siya napatay ni Atalia. 12 Anim
na taon siyang nakatago sa bahay ng Diyos,
samantalang naghahari sa lupain si Atalia.

**23** 1 Nang ikapitong taon ay lumakas ang
loob ni Yoyada at ipinatawag niya ang
mga pinuno ng sandaan: sina Azarias, na anak
ni Yeroham; Ismael, na anak ni Yohanan;
Azarias, na anak ni Obed; Masayang anak ni
Adaya at Elisafat na anak ni Zikri. 2 Nilibot nila
ang Juda at tinipon ang mga Levita sa lahat ng
lunsod ng Juda at ang mga pinuno ng mga
angkan ng Israel at dumating ang mga ito sa
Jerusalem. 3 Nakipagkasundo ang pagtitipon sa
hari sa Bahay ng Diyos at sinabi sa kanila ni
Yoyada: "Narito sa atin ang anak ng hari. Mag-
hahari siya gaya ng sinabi ni Yawe sa mga inapo
ni David! 4 Ito ang dapat ninyong gawin: 5 ang
ikatlong bahagi sa inyo na naglilingkod kung
araw ng Sabado, ang mga pari at mga Levita, ay
magbabantay sa mga looban; 6 ang panga-
lawang ikatlong bahagi ay magbabantay sa
bahay ng hari; at ang huling ikatlong bahagi
naman, sa pintuan ng Pundasyon, samantalang
ang buong bayan ay tatayo sa mga patyo ng
Bahay ni Yawe. 7 Ngunit walang makapapasok
sa Bahay ni Yawe kundi ang mga pari lamang at

mga Levita na naglilingkod. Makapapasok sila
sapagkat mga banal sila, samantalang nagba-
bantay kay Yawe ang buong bayan. Paliligiran
ang hari ng mga Levita na may hawak na san-
data at papatayin nila ang sinumang maka-
pasok sa Bahay. Sasamahan nila ang hari sa
bawat kilos nito."

8 Ginawa nga ng mga Levita at ng buong Juda
ang ipinag-utos ng paring Yoyada; tinipon ng
bawat isa ang kanya-kanyang mga tauhan,
iyong mga pumapasok upang maglingkod kung
Sabado at iyong mga lumalabas: wala ngang
itinangi ang paring si Yoyada. 9 Binigyan ng
paring si Yoyada ang mga pinuno ng sandaan ng
mga sibat at mga kalasag na malalaki at maliliit
ni haring David na nasa bahay ng Diyos. 10 Pag-
katapos, ipinuwesto niya ang buong bayan, ang
bawat isa ay may hawak na sibat, buhat sa
gawing silangan ng Bahay hanggang sa gawing
kanluran sa pagitan ng altar at ng Bahay upang
paligiran ang hari. 11 At inilabas niya ang anak
ng hari, at ipinutong sa kanya ang korona at ang
sagisag at ipinahayag siyang hari. Pinahiran
siya ng Santo Oleo ni Yoyada at ng kanyang
mga anak at nagsisigaw ng: "Mabuhay ang
hari!"

12 Narinig ni Atalia ang sigawan ng bayan na
nagtatakbuhan at ipinagbubunyi ang hari at
nagpunta siya sa mga tao sa Bahay ni Yawe.
13 Tumingin siya at nakita niya ang hari sa tabi ng
haligi, sa may pasukan at ang mga pinuno at
mga taga-ihip ng mga trumpeta na nasa tabi ng
hari, ang buong bayang nagsasaya at nagpa-
patunog ng mga trumpeta, at ang mga mang-
aawit na may mga panugtog at namumuno sa
pag-awit ng mga papuri. Winarak ni Atalia ang
kanyang damit at sumigaw: "Kataksilan, katak-
silan!" 14 Pero inutusan ng paring si Yoyada ang
mga pinuno ng mga sandaan: "Ilabas ninyo
siyang dumaraan sa mga hanay, at sinumang
sumunod sa kanya ay patayin sa tabak." Sapag-
kat sinabi ng pari: "Huwag ninyo siyang patayin
sa Bahay ni Yawe." 15 Dinakip siya at dumating
sa bahay ng hari, sa may Pasukan ng mga
Kabayo. Doon siya pinatay.

16 Ginawa ni Yoyada ang isang tipan sa buong
bayan at sa hari, upang maging bayan ni Yawe
ang sambayanan. 17 Pagkatapos, pinuntahan ng
buong bayan ang bahay ni Baal at winasak ito.
Sinira ang mga altar at mga imahen nito, at
pinatay nila si Matan, na pari ni Baal, sa harapan
ng mga altar. 18 Naglagay si Yoyada ng mga
tanod sa Bahay ni Yawe sa utos ng mga pari at
mga Levita na itinalaga ni David sa Bahay ni
Yawe ayon sa nasusulat sa Batas ni Moises
upang mag-alay ng mga sinunog na handog
nang may kasayahan at awitan ayon sa mga
alituntunin ni David.

19 Naglagay din siya ng mga tanod sa mga
pintuan ng Bahay ni Yawe upang hindi maka-
pasok ang sinumang di-malinis sa kahit anu-
mang dahilan. 20 Ipinagsama niya pagkatapos
ang mga pinuno ng sandaan, ang mga mahala-
gang tao, ang mga pinuno ng bayan at ang lahat
ng mamamayan upang ibaba sa Bahay ni Yawe
ang hari. Pumasok sila sa pintuan sa itaas sa
bahay ng hari at iniupo siya sa pangharing trono.
21 Nagsaya ang lahat ng mamamayan at naging
tahimik ang lunsod. Pinatay naman si Atalia sa
tabak.

**Si Yoas, hari ng Juda**

**24** 1 Pitong taong gulang si Yoas nang mag-
simulang maghari at apatnapung taon
siyang naghari sa Jerusalem. Si Sibyang taga-
Berseba ang kanyang ina. 2 Ginawa ni Yoas ang
matuwid sa paningin ni Yawe sa buong buhay ng
paring si Yoyada. 3 Ikinasal siya nito sa dala-
wang babae at nagkaroon siya ng mga anak na
lalaki at babae.

4 Isinapuso ni Yoas na ipaayos ang Bahay ni
Yawe. 5 Tinipon niya ang mga pari at mga Levita
at sinabi sa kanila: "Lumibot kayo sa mga
lunsod ng Juda at maglikom sa buong Israel ng
salapi upang ipaayos taun-taon ang Bahay ng
ating Diyos. Madali ninyong gawin ito." Ngunit
hindi naman nagmadali ang mga Levita. 6 Kayat
ipinatawag ng hari si Yoyada na Punong Pari at
sinabi sa kanya: "Bakit hindi mo ipinag-utos sa
mga Levita na likumin sa Juda at Jerusalem ang
buwis na itinakda ni Moises na lingkod ni Yawe
at ng kalipunan ng Israel para sa Toldang Tag-
puan?" 7 Winasak ng lapastangang si Atalia at
ng kanyang mga anak ang Bahay ng Diyos at
ginamit pa nila para sa mga Baal ang mga
kagamitang banal sa Bahay ni Yawe.

8 Kaya ipinag-utos ng hari na gumawa ng
isang kaban at ilagay ito sa dakong labas sa may
pintuan ng Bahay ni Yawe. 9 Ipinahayag sa
buong Juda at Jerusalem na dalhin kay Yawe sa
Israel sa disyerto ang buwis na ipinag-utos ni
Moises na lingkod ng Diyos. 10 Natuwa ang lahat
ng opisyal at ang buong bayan at dinala nila ang
salapi at inihulog sa kaban hanggang sa napuno
ito. 11 Tuwing dadalhin ng mga Levita ang kaban
sa mga opisyal ng hari at nakikita ng mga ito na
maraming salapi ang naroon, dumarating ang
kalihim ng hari at ang katiwala ng punong pari
upang alisin ang laman ng kaban at ibinabalik
ito pagkatapos sa dating kinaroroonan. Ganito
ang kanilang ginagawa araw-araw at marami
silang nalilikom na salapi. 12 Ibinigay ito ni

Yoyada at ng hari sa mga namamahala sa
pagpapaayos ng Bahay ni Yawe at umupa ang
mga ito ng mga kantero, mga karpintero at mga
dalubhasang manggagawa sa bakal at tanso
upang ayusin ang Bahay ni Yawe.
13 Ipinasunod nga ito ng mga namamahala sa
gawain at napabilis nila ang pagpapaayos ng
gusali. Ibinalik nila ang Bahay ni Yawe sa dating
kaayusan nito at pinatibay pa. 14 Pagkatapos
nila sa gawain, ibinigay nila sa hari at kay
Yoyada ang lumabis na pilak at ginawa itong
mga kagamitan para sa Bahay ni Yawe: mga
gamit sa pagdiriwang at sa paghahandog, mga
kopa at mga bagay na ginto at pilak. Walang tigil
ang pag-aalay ng mga sinunog na handog sa
Bahay ni Yawe sa buong buhay ni Yoyada.
15 Tumanda si Yoyada at namatay na nasi-
siyahan. Sandaan at tatlumpung taong gulang
siya nang mamatay. 16 Inilibing siya sa Lunsod ni
David, kasama ng mga hari dahil sa kabutihang
ginawa niya sa Israel, para sa Diyos at sa Bahay
nito.
17 Pagkamatay ni Yoyada, nagpunta ang mga
opisyal ng Juda at nagpatirapa sa hari, at pina-
kinggan sila ng hari. 18 Tinalikdan nila ang Ba-
hay ni Yaweng Diyos ng kanilang mga ninuno at
naakit sila sa mga banal na haligi at sa mga
diyus-diyusan. Kayat bumagsak ang galit ng
Diyos sa Juda at sa Jerusalem dahil sa kasala-
nan nilang ito. 19 Nagpadala si Yawe sa kanila ng
mga propeta upang magbalik-loob sila. Pinag-
sabihan sila ng mga propeta ngunit hindi sila
nakinig sa mga iyon.
20 Kayat nilukuban ng Espiritu ng Diyos si
Zacarias, na anak ng paring si Yoyada, at hu-
marap iyon sa bayan at sinabi: "Ito ang sabi ng
Diyos. Bakit ninyo nilabag ang mga utos ni
Yawe? Hindi kayo magtatagumpay! Tinalikdan
ninyo si Yawe, at tatalikdan rin niya kayo."
21 Pero nagsabwatan sila laban kay Zacarias at
sa pag-uutos ng hari ay binato siya at pinatay sa
patyo ng Bahay ni Yawe. 22 Hindi nagunita ng
haring Yoas ang kagandahang-loob na ipinama-
las sa kanya ni Yoyadang ama ni Zacarias at
pinatay niya ang anak nito na sumigaw ng
ganito noong mamatay. "Makita sana ito ni
Yawe at papanagutin sila!"
23 Pagkalipas ng isang taon ay umahon laban
kay Yoas ang hukbo ng mga Arameo. Pinasok
nila ang Juda at Jerusalem at pinuksa nila ang
lahat ng pinuno ng bayan at ipinadala sa hari ng
Damasco ang lahat ng kanilang nasamsam.
24 Dumating ang hukbo ng Siria nang may kaun-
ting tauhan lamang, pero inilagay ni Yawe sa
kanilang mga kamay ang isang napakalaking
hukbo sapagkat tinalikdan nila si Yaweng Diyos
ng kanilang mga ninuno. Sa ganitong paraan,
nilapatan ng mga Arameo ng katarungan si
Yoas. 25 Paglayo nila rito, iniwan itong may ma-
bigat na sakit. Pagkatapos ay nagsabwatan la-
ban kay Yoas ang kanyang mga utusan dahil sa
pagkamatay ng anak ng paring si Yoyada at
pinatay siya sa kanyang higaan. Inilibing siya sa
Lunsod ni David, ngunit hindi sa libingan ng mga
hari. 26 Ang mga nagsabwatan laban sa kanya
ay sina Zabud, na anak ni Simat na Amonita at
Yozabad, na anak ni Simrit na Moabita. 27 Ang
tungkol sa kanyang mga anak na lalaki, ang
maraming propesiya laban sa kanya at ang pag-
aayos sa Bahay ng Diyos, ay nakasulat sa
Komentaryo ng aklat ng mga Hari.
Hinalinhan siya sa paghahari ng kanyang
anak na si Amasias.

**Si Amasias, hari ng Juda**

**25** 1 Dalawampu't limang taong gulang si
Amasias nang magsimulang maghari at
dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa
Jerusalem. Si Yehoadan na taga-Jerusalem ang
kanyang ina. 2 Ginawa niya ang matuwid sa
paningin ni Yawe bagamat hindi lubusang na-
ganap. 3 Nang mapatatag niya ang paghahari,
pinatay niya ang mga utusang pumatay sa
kanyang amang hari. 4 Ngunit hindi niya pina-
patay ang mga anak ng mga ito, alinsunod sa
nakasulat sa kautusan sa aklat ni Moises; iniutos
nga ni Yawe: "Hindi papatayin ang mga magu-
lang dahil sa kanilang mga anak, ni ang mga
anak dahil sa kanilang mga magulang, kundi
ang bawat isa ay mamamatay dahil sa kanyang
sariling kasalanan."
5 Tinipon ni Amasias ang lahat ng mga Judeo
at iniayos sila ayon sa kani-kanilang angkan,
nang may mga pinuno ng mga libo at ng mga
sandaan sa buong Juda at Benjamin. Pagkata-
pos ay binilang niya ang mga may dalawam-
pung taong gulang at higit pa, at nakita niya na
may tatlundaang libong lalaking pinili, na
nakikipagdigma nang may sibat at kalasag na
malaki. 6 Umupa rin siya sa Israel ng sandaang
libong mandirigmang matatapang sa halagang
sandaang talentong pilak. 7 Pero pinuntahan
siya ng isang tao ng Diyos, at sinabi sa kanya: "O
hari, huwag mong isama ang hukbo ng Israel,
sapagkat hindi sumasa-Israel si Yawe; wala siya
sa lahat ng mga anak ng Efraim. 8 Kapag su-
mama sila sa iyo, ibabagsak ka ni Yawe sa
harapan ng kaaway kahit malaki ang hukbo mo
sapagkat ang Diyos ang makatutulong at ang
makapagtitisod."
9 Sumagot si Amasias sa tao ng Diyos:
"Paano ang sandaang talentong ibinigay ko sa

pangkat ng Israel?" Sumagot ang tao ng Diyos:
"Mabibigyan ka ni Yawe ng higit kaysa roon."
10 At pinauwi ni Amasias ang mga pangkat na
galing sa Efraim at nagalit ang mga ito laban sa
Juda. Umuwi silang galit na galit.

11 Lumakas ang loob ni Amasias at namuno
siya sa kanyang bayan papunta sa Lambak ng
Asin. Nilupig niya roon ang sampung libo sa
mga taga-Seir. 12 Hinuli nang buhay ng mga
taga-Juda ang sampung libo sa kanila, dinala sa
tuktok ng Malaking Bato at itinapon mula roon
kayat nagkaluray-luray silang lahat. 13 Saman-
tala, ang mga kawal na pinaalis ni Amasias
upang hindi sila lumaban, kasama niya, ay
sumalakay sa mga lunsod ng Juda buhat sa
Samaria hanggang sa Betoron. Pero nalupig ang
tatlong libo sa kanila at nabawi ang maraming
nasamsam.

14 Nagbalik na si Amasias pagkalupig niya sa
mga Edomita nang ipinapasok niya ang mga
diyos ng mga taga-Seir at itinuring na sariling
diyos niya; yumukod siya sa mga ito at nagsuob
ng kamanyang. 15 Nagalit si Yawe kay Amasias
at nagsugo sa kanya ng isang propeta na nag-
sabi: "Bakit mo hinanap ang mga diyos ng
bayang iyon na hindi sila nailigtas sa kamay
mo?" 16 Gayunman, habang nagsasalita siya ay
sinabi sa kanya ni Amasias: "Sino ang gumawa
sa iyo bilang tagapayo ng hari? Tumigil ka na at
baka masaktan ka pa!" Tumigil nga ang propeta
pero sinabi pa niya: "Ginawa mo ito at ayaw mo
ring pakinggan ang aking mga babala. Kaya
nabatid kong ipinasya na ng Diyos na wasakin
ka."

17 Matapos makipagsanggunian si Amasias
na hari ng Juda, nagpadala siya ng mga sugo
kay Yoas, na anak ni Yoakaz, na anak ni Yehung
hari ng Israel, at ipinasabi: "Umahon ka at
magharap tayo!" 18 Subalit ipinasabi ni Yoas na
hari ng Israel, kay Amasias na hari ng Juda.
"Ipinasabi ng dawag ng Lebanon sa sedro ng
Lebanon: 'Ibigay mo ang iyong anak na dalaga
upang maging asawa ng aking anak.' Subalit
dumaan ang mababangis na hayop ng Lebanon
at niyurakan ang dawag. 19 Dahil nilupig mo ang
Edom; gusto mong luwalhatiin pa. Tumigil ka na
sa iyong bahay. Bakit mo gustong mapahamak
at bumagsak, kasama ang Juda?"

20 Pero hindi nakinig si Amasias dahil ipi-
nasya na ng Diyos na ibigay siya sa kamay ng
kaaway sapagkat hinanap niya ang mga diyos
ng Edom. 21 Umahon si Yoas, na hari ng Israel, at
nagharap sila ni Amasias, na hari ng Juda, sa
Betsames ng Juda. 22 Nalupig ng mga taga-
Israel ang mga taga-Juda at nagsitakas ang
mga ito sa kani-kanilang tirahan. 23 Si Amasias
na hari ng Juda, na anak ni Yoas, na anak ni
Ocozias ay nabihag ni Yoas, na hari ng Israel, sa
Betsames at dinala siya sa Jerusalem. Pina-
bagsak ni Yoas ang pader ng Jerusalem mula sa
pintuan ng Efraim hanggang sa pintuan ng
Sulok na apatnaraang siko ang luwang 24 Kinuha
niya ang lahat ng ginto, pilak at lahat ng ka-
gamitang nasa Bahay ni Yawe na iniingatan ni
Obededom, at ang mga kayamanan ng bahay
ng hari, pati ang mga bihag na panagot, at
nagbalik siya sa Samaria.

25 Si Amasias, na anak ni Yoas, na hari ng
Juda ay nabuhay pa nang sampung taon, pag-
kamatay ni Yoas, na anak ni Yoacaz, na hari ng
Israel. 26 Ang iba pang kasaysayan ni Amasias,
mula sa pasimula hanggang sa wakas ay naka-
sulat sa Aklat ng mga Hari ng Juda at ng Israel.
27 Tinalikdan ni Amasias si Yawe at nagsabwa-
tan laban sa kanya sa Jerusalem, kayat tuma-
kas siya at dumating sa Lakis. Gayunman, tinu-
gis siya hanggang sa Lakis at pinatay siya roon.
28 Isinakay sa kabayo ang kanyang bangkay at
inilibing sa piling ng kanyang mga ninuno sa
Lunsod ni David.

**Si Ozias, hari ng Juda**

**26** 1 Pinili ng buong bayan ng Juda si Ozias,
na labing-anim na taong gulang, at
ginawa siyang hari bilang kahalili ng kanyang
amang si Amasias. 2 Siya ang nagpatayong muli
ng Elat at nabalik iyon sa Juda pagkatapos na
mahimlay si Amasias sa piling ng mga ninuno
niyon. 3 Labing-anim na taong gulang si Ozias
nang magsimulang maghari, at limampu't dala-
wang taon siyang naghari sa Jerusalem. 4 Si
Jecolia, na taga-Jerusalem ang kanyang ina.
Ginawa niya ang matuwid sa paningin ni Yawe
tulad ng ginawa ng kanyang amang si Amasias.
5 Hinanap niya ang Diyos habang nabubuhay si
Zacarias, na siyang nagturo sa kanya ng pitagan
sa Diyos; at habang hinahanap niya si Yawe ay
pinaunlad siya ng Diyos.

6 Dinigma niya ang mga Pilisteo, winasak
niya ang mga pader ng Gat, ng Yabne at ng
Asdod, at itinayo ang mga lunsod laban sa
Asdod at sa lupain ng mga Pilisteo. 7 Tinulungan
siya ng Diyos laban sa mga Pilisteo, at mga
Arabeng naninirahan sa Gur Baal, at sa mga
Maonita. 8 Nagbuwis ang mga Maonita kay
Ozias at umabot sa mga hangganan ng Ehipto
ang kanyang katanyagan sapagkat naging na-
pakalakas niya. 9 Nagpagawa si Ozias ng mga
tore sa Jerusalem, sa Pintuan ng Sulok, sa
Pintuan ng Lambak at sa Sulok, at pinatibay ang
mga ito. 10 Nagpagawa rin siya ng mga tore sa
ilang at nagpahukay ng maraming balon, sa-

pagkat marami ang kanyang mga kawan sa
lupaing mababa at sa kapatagan. Marami rin
ang kanyang mga magbubukid at mga mag-
uubas sa kabundukan at sa lupang matataba
sapagkat mahilig siya sa pagsasaka.
11 May hukbong mandirigma si Ozias. Mga
tao silang lumalaban nang pangkat-pangkat,
ayon sa pagbibilang na ginawa ng kalihim na si
Yeiel at ng tagapamahalang si Maseya, sa ilalim
ng pamumuno ni Hananias, na isa sa mga
opisyal ng hari. 12 Ang bilang ng lahat ng pinuno
ng mga angkan ng mga matatapang na mandi-
rigma ay dalawanlibu't animnaraan. 13 Namu-
muno sila sa isang hukbong mandirigmang
binubuo ng 307,500 matatapang na mandi-
rigma upang tumulong sa hari laban sa kaaway.
14 At inihanda ni Ozias para sa kanila dahil sa
mga labanan ang mga kalasag, mga sibat, mga
panakip, mga baluti at mga pana at mga tirador.
15 Nagpagawa siya sa Jerusalem ng mga maki-
nang inimbento ng inhinyero na inilagay sa mga
tore at mga sulok ng pader upang magbinit ng
mga palaso at maghagis ng malalaking bato.
Malayo ang inabot ng kanyang katanyagan,
sapagkat kahanga-hanga ang kanyang karu-
nungan sa paghanap ng mga makakatulong sa
kanya para maging makapangyarihan.
16 Dahil sa pagkalakas niya, nagmalaki siya
at nabulok. Sinuway niya si Yaweng kanyang
Diyos sa pagpasok niya sa Bahay ni Yawe upang
magsuob ng insenso sa altar. 17 Sinundan siya ni
Azarias, na pari, na may kasamang walumpung
matatapang na pari ni Yawe. 18 Kinalaban nila si
haring Ozias at sinabi sa kanya: "Hindi bagay sa
iyo, Ozias, na magsunog ng kamanyang kay
Yawe kundi sa mga pari na mga anak ni Aaron,
na itinalaga sa pagsusuob ng kamanyang. Lu-
mabas ka sa santuwaryo, sapagkat nagtaksil ka
at hindi mo ikararangal ito sa harapan ni Yaweng
iyong Diyos!"
19 Nagalit si Ozias na may hawak na suuban
ng insenso upang magsuob. At nagalit siya agad
sa mga pari, ipinakita agad ang ketong sa noo
niya sa harapan ng mga pari, sa Bahay ni Yawe,
sa tabi ng altar ng kamanyang. 20 Tiningnan siya
ni Azarias na Punong Pari, at ng lahat ng pari.
Nakita ng mga ito na may ketong siya sa noo at
pinalabas siya agad. Siya naman ay nagmama-
daling lumabas, sapagkat pininsala siya ni
Yawe. 21 Kayat may ketong si Haring Ozias
hanggang sa kanyang kamatayan, at nabuhay
siya na isang ketongin sa isang bahay na naka-
bukod. Hindi na siya nakapapasok sa Bahay ni
Yawe. Si Yotam naman, na kanyang anak, ang
namuno sa bahay ng hari at namahala sa bayan.
22 Sinulat ni propeta Isaias na anak ni Amos ang
iba pang kasaysayan ni Ozias, mula sa pasimula
hanggang sa wakas. 23 Pagkatapos ay nahimlay
si Ozias sa piling ng kanyang mga ninuno at
inilibing siya sa parang ng libingan ng mga hari,
sapagkat sinabi nila: "Ketongin siya." Hinalin-
han siya sa paghahari ng anak niyang si Yotam.

**Si Yotam, hari ng Juda**

**27** 1 Dalawampu't limang taong gulang si
Yotam nang magsimulang maghari, at
labing-anim na taon siyang naghari sa Jeru-
salem. 2 Si Yerusang anak ni Sadok ang kan-
yang ina. Ginawa niya ang matuwid sa paningin
ni Yawe gaya ng kanyang amang si Ozias,
bagamat hindi siya pumapasok na katulad nito
sa Bahay ni Yawe. Ang bayan naman ay patuloy
pa rin sa pagpapakasama. 3 Ipinatayo ni Yotam
ang pintuan sa itaas ng Bahay ni Yawe at ma-
rami siyang ipinagawa sa mga pader ng Ofel.
4 Nagpatayo rin siya ng mga lunsod sa kabun-
dukan ng Juda, mga kuta at mga tore sa kagu-
batan. 5 Dinigma niya ang hari ng mga Amonita
at nilupig niya ito. Nang taong iyon, nagbigay sa
kanya ang mga Amonita ng sandaang talentong
pilak, sampunlibong karga ng trigo at sampun-
libong karga ng sebada. Ganito rin ang ibinigay
ng mga Amonita noong ikalawa at ikatlong taon.
6 Naging makapangyarihan si Yotam sapagkat
inihanda niya ang kanyang mga daan sa harap
ni Yaweng Diyos niya.
7 Ang iba pang kasaysayan ni Yotam, lahat
ng kanyang pakikipagdigma at mga gawa ay
nakasulat sa aklat ng mga Hari ng Israel at Juda.
8 Dalawampu't limang taong gulang siya nang
magsimulang maghari at labing-anim na taon
siyang naghari sa Jerusalem. 9 Pagkatapos ay
nahimlay si Yotam sa piling ng kanyang mga
ninuno at inilibing siya sa Lunsod ni David.
Hinalinhan siya sa paghahari ng anak niyang si
Ahaz.

**Si Ahaz, hari ng Juda**

**28** 1 Dalawampung taong gulang si Ahaz
nang magsimulang maghari at labing-
anim na taon siyang naghari sa Jerusalem.
Hindi niya ginawa ang matuwid sa paningin ni
Yaweng Diyos niya, di gaya ni David na kanyang
ninuno. 2 Sinunod niya ang daan ng mga hari ng
Israel at gumawa rin siya ng mga minoldeng
diyus-diyusan para sa mga Baal. 3 Nagsuob siya
ng kamanyang sa lambak ng Ben-Hinom at
inialay sa apoy ang kanyang mga anak na lalaki
alinsunod sa mga kasuklam-suklam na gawi ng
mga paganong pinalayas ni Yawe sa lupaing
ibibigay niya sa Israel. 4 Nag-alay siya ng mga
handog at nagsunog ng kamanyang sa mata-

taas na santuwaryo at sa mga burol, at sa ilalim
ng alinmang mayabong na punungkahoy. 5 Ibi-
nigay siya ni Yaweng kanyang Diyos sa kamay
ng hari ng mga Arameo. Nilupig siya ng mga
Arameo na bumihag ng maraming tao at dinala
sila sa Damasco. Ibinigay din siya sa kamay ng
hari ng Israel bunga ng malaking tagumpay nito.
6 Sa loob ng isang araw lamang, napatay ni
Peka, na anak ni Romelia, ang sandaan at
dalawampung libong taong taga-Juda na pa-
wang matatapang na lalaki; tinalikdan nga nila
si Yaweng Diyos ng kanilang mga ninuno. 7 Pina-
tay ni Zikring mandirigma ng Efraim si Mase-
yang anak ng hari, si Azrikam, na namamahala
sa bahay ng hari at si Elkanang pangalawa sa
hari. 8 Binihag ng mga taga-Israel ang 200,000
sa kanilang mga kapatid na taga-Juda, kasama
ang mga kababaihan at mga anak na lalaki at
babae. Marami rin silang sinamsam at dinala
nila ito sa Samaria.

9 May isang propeta ni Yawe doon na nag-
ngangalang Obed. Sinalubong niya ang huk-
bong bumabalik sa Samaria at sinabi rito: "Na-
galit si Yaweng Diyos ng inyong mga ninuno sa
mga taga-Juda kayat ibinigay sila sa inyong
mga kamay. Gayunman, pinagpapatay ninyo
sila nang may kalupitang di kapani-paniwala.
10 At ngayo'y gusto ninyong alipinin ang lahat ng
taga-Juda at Jerusalem! Pero kayo mismo ay
nagkasala kay Yaweng inyong Diyos! 11 Kaya
pakinggan ninyo ako ngayon at ibalik ninyo ang
inyong mga kapatid na binihag ninyo, sapagkat
matindi ang galit ni Yawe sa inyo.

12 At tumutol din sa mga nanggaling sa la-
banan ang ilan sa mga pinuno ng Israel: si
Azarias, na anak ni Yohanan; si Berekias na
anak ni Meselimot, si Ezekias na anak ni Salum
at si Amasang anak ni Yadlai. Sinabi nila:
13 "Huwag ninyong dalhin dito ang mga bihag na
iyon. Nagkasala na tayo kay Yawe, at gusto ba
ninyong dagdagan pa ang dami ng ating mga
kasalanan? Sapagkat malaki ang ating pagka-
kasala at nagbabanta sa Israel ang matinding
galit ng Diyos."

14 Kayat iniwan ng hukbo ang mga bihag at
ang nasamsam sa harapan ng mga pinuno at ng
buong kalipunan. 15 Tumayo ang mga taong
pinili nang personal at inaliw ang mga bihag,
binihisan ng damit na galing sa nasamsam ang
lahat ng hubad at binigyan ng mga sandalyas,
pinakain, pinainom at pinapaghugas. Isinakay
sa mga asno ang lahat ng mahihina at dinala sa
Jerico na lunsod ng mga palmera, sa piling ng
kanilang mga kapatid. At umuwi na sila sa
Samaria.

16 Nang panahong iyon, nagpadala ng mga
sugo si haring Ahaz sa mga hari ng Asiria upang
tulungan nito. 17 Muli ngang dumating ang mga
Edomita at nilupig nila ang Juda at nakabihag
sila ng marami. 18 Sinalakay din ng mga Pilisteo
ang mga lunsod ng lupang mababa at ng Negeb
ng Juda, kinuha nila ang Betsames, ang Ayalon,
ang Gederot, ang Soko at ang mga nayong
sakop ng mga ito, ang Timna at ang mga
nayong sakop nito, ang Gimzo at ang mga
nayong sakop nito, at nanirahan sila roon.
19 Hinamak nga ni Yawe ang Juda dahil kay
Ahaz, na hari nito. Pinasama niya ang Juda at
sumuway siya kay Yawe.

20 Nilusob siya ni Teglatfalasar na hari ng
Asiria, at kinubkob siya bagamat di siya nalupig.
21 Binawian ni Ahaz ang Bahay ni Yawe, ang
bahay ng hari at ng mga pinuno at iniregalo ang
mga ito sa hari ng Asiria, pero wala itong na-
itulong sa kanya. 22 Sapagkat kinukubkob man
siya, patuloy pa ring nagtaksil si haring Ahaz
kay Yawe. 23 Nag-alay siya ng mga handog sa
mga diyos ng Damasco na lumupig sa kanya,
sapagkat sinabi niya: "Tinutulungan ang mga
hari ng Aram ng kanilang mga diyos kaya
maghahandog rin ako sa kanila at tutulungan
din nila ako." Gayunman, sila ang naging da-
hilan ng pagkapahamak niya at ng buong Israel.
24 Tinipon nga ni Ahaz ang ilan sa mga ka-
gamitan sa Bahay ni Yawe at pinagdudurog ang
mga iyon. Isinara niya ang mga pinto ng Bahay
ni Yawe at nagpagawa siya ng mga altar sa lahat
ng kanto ng Jerusalem. 25 At sa bawat lunsod ng
Juda ay nagpatayo rin siya ng mga altar sa burol
para magsunog ng kamanyang sa ibang mga
diyos. Sa gayon, napoot sa kanya si Yaweng
Diyos ng kanyang mga ninuno.

26 Ang iba pa niyang mga ginawa at lahat ng
kanyang pamumuhay mula sa pasimula hang-
gang wakas, ay nakasulat sa Aklat ng mga Hari
ng Juda at Israel. 27 Pagkatapos, nahimlay si
Ahaz sa piling ng kanyang mga ninuno at ini-
libing sa lunsod, sa Jerusalem, sapagkat hindi
siya ibinaon sa libingan ng mga hari ng Israel.
Hinalinhan siya sa paghahari ng kanyang anak
na si Ezekias.

**Si Ezekias, hari ng Juda**

**29** 1 Dalawampu't limang taong gulang si
Ezekias nang magsimulang maghari at
naghari siya sa Jerusalem nang dalawampu't
siyam na taon. Si Abiyang anak ni Zacarias ang
kanyang ina. 2 Ginawa niya ang matuwid sa
paningin ni Yawe gaya ng kanyang ninunong si
David.

3 Siya ang nagbukas na muli sa mga pinto ng
Bahay ni Yawe sa unang buwan sa unang taon

ng kanyang paghahari. Ipinaayos niya ang mga
iyon. 4 Ipinatawag niya ang mga pari at mga
Levita, tinipon ang mga ito sa silangang liwasan
5 at sinabi rito: "Pakinggan ninyo ako, mga
Levita! Magpakabanal kayo ngayon at pabana-
lin ninyo ang Bahay ni Yaweng Diyos ng inyong
mga ninuno at alisin sa santuwaryo ang lahat ng
karumihan. 6 Sapagkat nagtaksil ang ating mga
ninuno at ginawa nila ang masama sa paningin
ni Yaweng ating diyos. Pinabayaan siya ng mga
ito, hindi na nila pinansin ang tahanan ni Yawe
kundi tinalikuran pa ito. 7 Isinara maging ang
mga pinto ng bulwagan, pinatay ang mga ila-
wan, hindi na rin nagsunog ng insenso ni nag-
alay ng sinunog na handog sa santuwaryo sa
Diyos ng Israel. 8 Kayat bumagsak ang galit ni
Yawe sa Juda at Jerusalem, at naging tampulan
sila ng takot, sindak at paglibak, tulad ng naki-
kita ninyo ngayon. 9 Kayat nabuwal sa tabak ang
ating mga ninuno at nasa mga ibang lupain
ngayon ang ating mga anak na lalaki at babae at
mga asawa.

10 Pero ipinasya ko namang makipagtipan
kay Yaweng Diyos ng Israel upang lumayo sa
atin ang tindi ng kanyang galit. 11 Mga anak ko,
huwag na sana kayong magpabaya, sapagkat
hinirang kayo ni Yawe na maging mga lingkod
niya, upang paglingkuran siya at magsunog ng
kamanyang para sa kanya.

12 At kumilos ang mga Levita: si Makat na
anak ni Amasai; si Yoel na anak ni Azarias, sa
mga Kahatita; sa mga Merarita, si Kis na anak ni
Abdi, at si Azarias na anak ni Yelaleel; sa mga
Gersonita, si Yoah na anak ni Simna, si Eden na
anak ni Yoah; 13 sa mga inapo ni Elisatan, sina
Simri at Yehiel; sa mga inapo ni Asaf, sina
Zacarias at Matanias; 14 sa mga inapo ni Heman,
sina Yehiel at Simei; sa mga inapo ni Yedutun,
sina Semeyas at Uziel. 15 Tinipon ng mga ito ang
kanilang mga kapatid at nagpakabanal sila; at
dumating sila alinsunod sa utos ng hari at ayon
sa mga salita ni Yawe upang linisin ang Bahay ni
Yawe.

16 Pumasok ang mga pari sa Bahay ni Yawe
upang linisin iyon at inilabas nila sa patyo ng
Bahay ni Yawe ang lahat ng natagpuan nilang
maruming bagay sa santuwaryo ni Yawe. Tini-
pon naman ang mga ito ng mga Levita at
itinapon sa batis ng Kidron. 17 Sinimulan nila ang
paglilinis sa unang araw ng unang buwan at
pumasok sila sa Bulwagan ni Yawe sa ikawalong
araw ng buwan. Pinabanal nila ang Bahay ni
Yawe sa loob ng walong araw at natapos ito
noong ikalabing-anim na araw ng unang buwan.

18 At pinuntahan nila si haring Ezekias upang
sabihin: "Nilinis na namin ang buong Bahay ni
Yawe, ang altar ng mga sinunog na handog, pati
ang lahat ng kagamitan nito at ang hapag ng
mga tinapay na handog, pati ang lahat ng ka-
gamitan nito. 19 Iniayos na namin at pinabanal
ang lahat ng kagamitan na kinuha at nilapas-
tangan ni haring Ahaz dahil sa di-paniniwala
niya, sa panahon ng kanyang paghahari at nasa
harapan na ng altar ni Yawe ang mga ito.

20 Maagang bumangon si Ezekias at tinipon
niya ang mga pinuno ng lunsod at umahon sila
sa Bahay ni Yawe. 21 Dinala ang pitong batang
toro, ang pitong tupang lalaki, ang pitong ba-
tang tupa, at ang pitong kambing na lalaki na
inihandog para sa mga kasalanan ng kaharian,
ng santuwaryo at ng buong Juda. Inutusan ng
hari ang mga paring mga anak ni Aaron na mag-
alay ng mga ito sa altar ni Yawe. 22 Pinatay nila
ang mga baka at ibinuhos ang dugo sa ibabaw
ng altar; at pinatay nila ang mga tupang lalaki at
ibinuhos ang dugo sa ibabaw ng altar; pinatay
nila ang mga batang tupa at ibinuhos ang dugo
sa ibabaw ng altar. 23 At inilapit ang mga kam-
bing na lalaki bilang handog para sa kasalanan
sa harap ng hari at ng kalipunan at ipinatong nila
ang kanilang mga kamay sa mga ito. 24 Pinatay
ng mga pari ang mga ito at inialay ang dugo para
sa kasalanan sa ibabaw ng altar bilang kaba-
yaran ng buong Israel, sapagkat sinabi ng hari:
Alang-alang sa buong Israel ang sinunog na
handog at ang handog sa kasalanan.

25 Pagkatapos, pinapuwesto ng hari ang mga
Levita sa Bahay ni Yawe na may mga simbalo,
alpa at gitara ayon sa mga tagubilin ni David,
ni Gad na manghuhula ng hari, at ni propeta
Natan, sapagkat ang utos sa ngalan ni Yawe ay
ibinibigay ng kanyang mga propeta.

26 Pinapuwesto ang mga bata na may dalang
mga panugtog ni David at ang mga pari naman
na may mga trumpeta, 27 at ipinag-utos ni Eze-
kias na mag-alay ng sinunog na handog sa
ibabaw ng altar. At nang simulang ialay ito,
sinimulan din ang pag-awit kay Yawe at ang
pag-ihip ng mga trumpeta kasaliw ang mga
panugtog ni David na hari ng Israel. 28 Nagpati-
rapa ang buong kalipunan, hinimig ang mga
awit at hinipan ang mga trumpeta hanggang di
matapos ang sinunog na handog. 29 Nang matu-
pok na ang sinunog na handog, lumuhod ang
hari at ang lahat ng kasama niya at nagpatirapa
upang sumamba. 30 At ipinag-utos ni haring
Ezekias at ng mga pinuno sa mga Levita na
purihin si Yawe sa mga salita ni David at ng
manghuhulang si Asaf. Inawit nila ang mga
papuri na may kagalakan at lumuhod sila at
nagpatirapa.

31 Pagkatapos, nagsalita si Ezekias at sinabi:

"Naitalaga na kayo ngayon kay Yawe. Lumapit
kayo at magdala ng handog ng pasasalamat sa
Bahay ni Yawe." Nag-alay ang kalipunan ng
mga handog ng pasasalamat at nag-alay din ng
mga sinunog na handog ang mga may magan-
dang kalooban. 32 Nabilang ang pitumpung
baka, sandaang tupang lalaki at dalawandaang
tupang bata na sinunog na handog kay Yawe.
33 Animnaraang baka at tatlunlibong tupa ang
mga banal na handog.

34 Gayunman, kakaunti ang mga pari at hindi
nila nabalatan ang lahat ng hayop kaya tinulu-
ngan sila ng kanilang mga kapatid, na mga
Levita, hanggang matapos ang gawain at di-
tinupad ng mga pari ang ritwal ng pagpapabanal
sa kanila, sapagkat higit na sanay ang mga
Levita sa ritwal ng pagbabanal kaysa mga pari.
35 Marami ang mga sinunog na handog bukod pa
sa mga taba ng mga handog ng mabuting pag-
sasama at mga inuming handog na kasama ng
mga sinunog na handog. Sa ganitong paraan
muling itinatag ang paglilingkod sa Bahay ni
Yawe. 36 Ikinagalak ni Ezekias at ng buong ba-
yan ang ginawa ng Diyos sa kanila sapagkat
agad na naganap ang lahat.

**Pagdiriwang ng Paskuwa**

30 1 Nagpadala si Ezekias ng mga sugo
sa buong Israel at Juda, at sumulat din
siya sa Efraim at Manases upang pumunta sila
sa Bahay ni Yawe sa Jerusalem, at ipagdiwang
ang Paskuwa para kay Yaweng Diyos ng Israel.
2 Nagkaisa ang hari, ang kanyang mga opisyal
at ang buong kalipunan ng Jerusalem, na ipag-
diwang ang Paskuwa sa ikalawang buwan;
3 hindi nga nila naipagdiwang ito sa takdang
panahon, sapagkat hindi sapat ang mga paring
tumupad ng ritwal ng pagkakabanal at hindi
nagkatipun-tipon sa Jerusalem ang mga tao.
4 Ikinasiya ito ng hari at ng buong kalipunan,
5 kayat nagpasya silang magpahayag sa buong
Israel, mula sa Berseba hanggang sa Dan upang
puntahan ang Jerusalem at ipagdiwang doon
ang Paskuwa para kay Yaweng Diyos ng Israel
sapagkat hindi na naipagdiriwang iyon ayon sa
nasusulat.

6 Pumunta ang mga sugo na may dalang mga
liham ng hari at ng mga opisyal sa lahat ng lugar
sa Israel at Juda, tulad ng ipinag-utos ng hari, at
sinabi: "Mga Israelita, bumalik kayo kay Yaweng
Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Israel upang
tingnan niya ang mga nalabi sa inyo na wala sa
kamay ng mga hari ng Asiria. 7 Huwag ninyong
tularan ang inyong mga ninuno at mga kapatid
na nagtaksil kay Yaweng Diyos ni Abraham, ni
Isaac at ni Jacob, na pinabayaan niyang mapin-
sala, gaya ng inyong nakikita. 8 Huwag ninyong
patigasin ang inyong ulo, gaya ng inyong mga
ninuno kundi makipagkasundo kayo kay Yawe
at pumunta sa santuwaryo niya na binanal
niya magpakailanman. Paglingkuran ninyo si
Yaweng ating Diyos upang ilayo niya sa inyo ang
tindi ng kanyang galit. 9 Sa inyong pagbalik kay
Yawe lamang kaaawaan ang inyong mga
kapatid at mga anak ng mga bumihag sa kanila
at makababalik sila sa lupaing ito. Sapagkat
maawain at mahabagin si Yaweng ating Diyos,
at hindi niya itatalikod sa atin ang kanyang
mukha kung babalik tayo sa kanya."

10 Nilibot ng mga sugo ang mga lunsod sa
lupain ng Efraim at Manases hanggang sa Zabu-
lon, ngunit pinagtawanan lamang sila at nilibak
ng mga tao. 11 Gayunman, may nagsisi at nag-
punta sa Jerusalem mula sa Aser, Manases at
Zabulon. 12 Sa Juda man ay nagbigay sa kanila
ang kamay ng Diyos ng iisang damdamin na
sundin ang utos ng hari at ng mga opisyal ayon
sa salita ni Yawe.

13 Kayat napakarami ang nagtipun-tipon sa
Jerusalem upang ipagdiwang ang pista ng Tina-
pay na Walang Lebadura sa ikalawang buwan;
napakalaki ng pagtitipon na ito. 14 Inalis nila ang
mga altar na nasa Jerusalem at lahat ng mesa
para sa pagsusunog ng insenso at itinapon nila
ang mga ito sa batis ng Cedron. 15 Inihain nila
ang tupang pam-Paskuwa sa ikalabing-apat na
araw ng ikalawang buwan. Nagpakabanal ang
mga pari at mga Levita na litung-lito at nag-utos
na magdala ng mga sinunog na handog sa
Bahay ni Yawe. 16 Pumuwesto sila sa kani-kani-
lang lugar ayon sa kanilang alituntunin, ayon sa
batas ni Moises na tao ng Diyos, at ibinuhos ng
mga pari ang dugong ibinigay sa kanila ng mga
Levita. 17 Marami sa kalipunan ang di pa naba-
banal kaya ang mga Levita ang nangasiwa sa
pagpatay ng mga tupang pam-Paskuwa para sa
mga taong di pa malinis, upang pakabanalin
ang mga ito kay Yawe. 18 Marami talaga sa
bayan, lalo na sa mga taga-Efraim, Manases,
Isakar at Zabulon ang nagsikain sa Paskuwa
nang hindi pa sila malinis at di sumunod sa
ipinag-uutos. Subalit ipinagdasal sila ni Ezekias
na nagsabi: "Patawarin nawa ni Yawe na maa-
wain 19 ang lahat ng may pusong nakahandang
maghanap kay Yaweng Diyos ng kanilang mga
ninuno bagamat hindi nila naganap ang tungkol
sa paglilinis sa mga bagay na banal." 20 At
dininig ni Yawe si Ezekias at hindi niya pina-
rusahan ang bayan.

21 Ganoon ipinagdiwang ng mga Israelitang
nasa Jerusalem ang pista ng Tinapay na Walang
Lebadura na may malaking kasayahan sa loob

ng pitong araw. Araw-araw, nag-aawitan nang
buong-sigla ang mga Levita at mga pari ng mga
papuri kay Yawe. 22 Pinasigla ni Ezekias ang
lahat ng Levitang nagpakita ng ganap na pagli-
lingkod kay Yawe. Binuo nila ang kapistahang
may pitong araw sa pag-aalay ng mga handog
ng mabuting pagsasama at pinuri nila si Yaweng
Diyos ng kanilang mga ninuno.
23 Ipinasya ng buong kalipunan na ipagdi-
wang ang pista nang pitong araw pa ang ipinag-
diwang nang may malaking kasayahan, 24 sa-
pagkat naglaan si Ezekias, na hari ng Juda, para
sa kalipunan ng sanlibong batang toro at pitun-
libong tupa at naglaan naman ng sanlibong
batang toro at sampunlibong tupa ang mga
opisyal. 25 Maraming pari ang tumupad sa ritwal
ng pagpapakabanal. Nagalak ang buong kali-
punan ng Juda, ang mga pari, ang mga Levita,
ang buong kalipunan ng mga taong galing sa
Israel, pati ang mga dayuhang galing sa lupaing
Israel o namamayan sa Juda. 26 Nagkaroon ng
malaking kasayahan sa Jerusalem, sapagkat
wala pang ganoon sa Jerusalem mula sa kapa-
nahunan ni Solomon na anak ni David, na hari
ng Israel. 27 Kaya tumindig ang mga pari at mga
Levita upang basbasan ang bayan. Dininig ang
kanilang tinig at umabot ang kanilang panala-
ngin sa banal na tirahan niyang nasa langit.

**31**

1 Pagkatapos ng lahat ng ito, umalis ang
lahat ng Israelitang naroroon at nag-
punta sa mga lunsod ng Juda. Dinurog nila ang
mga banal na bato, ibinuwal ang mga banal na
haligi at iginuho ang mga altar sa burol – ang
mga altar na nasa buong Juda at Benjamin at sa
Efraim at Manases, hanggang sa mawala ang
mga ito. At umuwi ang lahat ng Israelita sa
kanilang lunsod, ang bawat isa sa kanya-kan-
yang ari-arian.
2 Itinatag ni Ezekias ang iba't ibang grupo ng
mga pari at mga Levita ayon sa kani-kanilang
katungkulan maging pari sila o Levita, para sa
sinunog na handog, para sa handog ng mabu-
ting pagsasamahan, para sa liturhiya, sa pag-
awit ng mga salmo at papuri sa Diyos sa mga
pintuan ng kampo ni Yawe. 3 Inilaan ng hari ang
isang bahagi ng kanyang mga ari-arian para sa
mga sinunog na handog sa umaga't hapon, sa
mga sinunog na handog sa araw ng Sabado, sa
mga bagong buwan at sa mga pista ayon sa
nakasulat sa Kautusan ni Yawe. 4 Ipinag-utos din
niya sa bayang nasa Jerusalem na ibigay nila sa
mga pari at mga Levita ang bahaging nauukol sa
mga ito para pasiglahin sila sa paglilingkod kay
Yawe.
5 Paglabas ng kautusang ito, nag-alay ang
mga Israelita ng maraming unang bunga ng
trigo, alak, langis at pulot-pukyutan at ng lahat
ng uri ng bunga sa bukid; dinala nila ang ma-
saganang ikapu ng lahat. 6 Nagdala rin ang mga
taga-Israel at Juda na naninirahan sa mga ba-
yan ng Juda ng ikapu ng bakahan at kawan at ng
mga bagay na banal na nakatalaga kay Yaweng
kanilang Diyos, at inilagay nila ang mga iyon
nang buntun-bunton. 7 Sinimulan nila ang pag-
bubunton sa ikatlong buwan at natapos sila sa
ikapitong buwan.
8 Dumating si Ezekias at ang mga opisyal at
tiningnan ang mga bunton at nagpuri sila kay
Yawe at sa kanyang bayang Israel. 9 Nagtanong
si Ezekias sa mga pari at mga Levita tungkol sa
mga bunton, 10 at sinagot siya ng Punong Paring
si Azarias, na mula sa angkan ni Sadok, na
nagsabi: "Simula nang magdala sila ng mga
handog na nakalaan sa Bahay ni Yawe, kumain
kami, nabusog at marami pa ang natira, sa-
pagkat pinagpala ni Yawe ang kanyang bayan at
marami pa ang nalabi."
11 Iniutos ni Ezekias na ihanda ang malala-
king silid sa Bahay ni Yawe at inihanda naman
ang mga ito. 12 At patuloy nilang dinadala roon
ang mga nakalaang handog, mga ikapu at ang
mga bagay na banal. Si Konanias na Levita ang
ginawang tagapamahala at si Shimei na kapatid
niya ang pangalawa sa kanya. 13 Sina Yehiel,
Azarias, Nahat, Asael, Yerimot, Yosabad, Eliel,
Yismakia, Mahat at Benaya ang mga kinatawan
ni Konanias at ng kanyang kapatid na si Simei,
alinsunod sa pasya ni haring Ezekias at ni
Azarias na tagapamahala ng Bahay ni Yawe.
14 Ang Levitang si Kore, na anak ni Yimnang
bantay sa silangang pintuan, ang namahala sa
mga kusang abuloy sa Diyos at namahagi ng
mga handog kay Yawe at ang mga bagay na
kabanal-banalan. 15 Nasa ilalim niya sina Eden,
Minyamin, Yesua, Semeyas, Amarias at Seka-
nias na nanatili sa mga lunsod ng mga pari at
namahagi sa kanilang mga kapatid, maliit man
o mahalaga, ayon sa kani-kanilang mga grupo
16 – sa mga lalaking may gulang na tatlong taon
o higit pa na nakalista sa talaan ng mga angkan,
at sa lahat ng pumapasok sa Bahay ni Yawe
upang tupdin ang kanilang pang-araw-araw na
gawain, o maglingkod, ayon sa kani-kanilang
tungkulin. 17 Nakalista nga ang mga pari sa
talaan ng mga angkan, gayundin ang mga
Levita, mula sa dalawampung taong gulang o
higit pa ayon sa kanilang tungkulin at uri.
18 Nakalista rin ang lahat ng kanilang maliit na
bata, asawa, mga anak na lalaki at babae,
kasama ang buong kalipunan habang nanga-
ngasiwa sila sa mga banal na gawain. 19 Sa

bawat isa sa mga lunsod ay may mga taong
inatasang mamahagi sa mga paring mga inapo
ni Aaron, na nasa mga nayon ng kanilang mga
lunsod; namahagi sila sa mga lalaki ng lahing-
pari at sa lahat ng Levitang nakalista.

20 Ganito ang ginawa ni Ezekias sa buong
Juda; ginawa niya ang mabuti, matuwid at
totoo, sa harapan ni Yaweng kanyang Diyos.
21 Nagsimula siya at nagtagumpay rin sa lahat
ng kanyang ginawa sa paglilingkod sa Bahay ni
Yawe, para sa Batas at sa mga utos sa paghanap
nang buong-puso sa kanyang Diyos.

**Ang paglusob ni Senakerib**

**32** 1 Pagkatapos ng mga gawa at paniniwala
ni Hezekiah ay dumating si Senakerib,
na hari ng Asiria, at nilusob ang Juda. Kinubkob
niya ang mga napapaderang lunsod at ipinag-
utos niyang wasakin ang mga pader para sa
kanya. 2 Nang makita ni Ezekias na pinuntahan
ni Senakerib ang Jerusalem, 3 nakipagkaisa
siya sa lahat ng opisyal at matapang na lalaki at
napagkasunduan nilang barahan ang mga
bukal ng tubig na nasa labas ng lunsod. 4 Nag-
sama-sama ang maraming tao upang barahan
ang mga bukal at ang mga batis na bumabagtas
sa lupain, at sinabi: "Huwag sanang matagpuan
ng mga Asirio ang tubig sa pagdating nila."

5 Nilakasan niya ang kanyang loob at inayos
ang mga gibang bahagi ng pader at nagtayo siya
ng mga tore sa ibabaw nito. Nagtayo pa siya ng
pader sa labas, pinatibay ang Milo sa Lunsod ni
David at nagpagawa ng maraming sandata at
kalasag. 6 Humirang siya ng mga heneral na
mamumuno sa bayan at tinipon niya ang lahat
sa liwasan ng pintuan ng lunsod. Pinalakas niya
ang loob ng mga ito at sinabi: 7 "Magpakalakas
kayo at magpakatapang! Huwag kayong mata-
kot o masiraan ng loob sa harap ng hari ng Asiria
o sa lahat ng hukbong kasama niya, sapagkat
higit na malakas ang kasama natin. 8 Lakas ng
tao lamang ang kasama niya; pero kasama
natin si Yaweng ating Diyos, na siyang sasaklolo
sa atin at sasama sa ating laban." Pinatatag ang
bayan ng sinabi ni Ezekias, na hari ng Juda.

9 Pagkatapos nito, habang kinukubkob ni
Senakerib na hari ng Asiria, ang Lakis, kasama
ang lahat ng nasa ilalim niya, nagpadala siya ng
mga sugo kay Ezekias, na hari ng Juda, at sa
lahat ng taga-Juda na nasa Jerusalem, upang
sabihin ito: 10 'Ito ang sabi ni Senakerib, na hari
ng Asiria: Kanino ba kayo nananalig at naku-
kubkob kayo sa Jerusalem? 11 Hindi ba kayo
nililinlang ni Ezekias sa pagsasabi niya: 'Ililigtas
tayo ni Yaweng ating Diyos sa kamay ng hari ng
Asiria?' Hindi ba kayo mamamatay sa gutom at
uhaw? 12 Hindi ba si Ezekias ang nagpaalis ng
mga altar sa burol at nagsalita nang ganito
sa Juda at Jerusalem: 'Sa harap ng iisang altar
lamang kayo magpapatirapa at sa ibabaw
nito lamang kayo magsusuob ng kamanyang?'
13 Hindi ba ninyo alam kung ano ang ginawa ko
at ng aking mga ninuno sa lahat ng bayan sa
iba't ibang lupain? Nailigtas ba ng mga diyos ng
mga bansang iyon ang kanilang mga lupain sa
aking mga kamay? 14 Sino sa lahat ng diyos ng
mga bansang iyan na isinumpa ng aking mga
ninuno ang nakapagligtas ng kanyang bayan sa
aking mga kamay? At ang Diyos ninyo ang
makapagliligtas sa inyo sa aking mga kamay?
15 Kaya huwag kayong padaya kay Ezekias, o
paakit kaya. Huwag ninyo siyang paniwalaan.
Walang Diyos ng alinmang bansa o kaharian na
nakapagligtas ng kanyang bayan sa aking ka-
may o sa kamay ng aking mga ninuno, gayundin
ang inyong mga diyos ay hindi makapagligtas
sa inyo sa aking kapangyarihan."

16 May sinabi pang ibang bagay ang mga
sugo ni Senakerib laban kay Yawe at sa kanyang
lingkod na si Ezekias. 17 Sumulat pa iyon ng mga
liham na lumalait kay Yaweng Diyos ng Israel na
ganito ang sinasabi: "Kung paano hindi nailigtas
ng mga diyos ng ibang bansa ang kanilang
bayan sa aking kamay, hindi rin ililigtas ng
Diyos ni Ezekias ang kanyang bayan sa aking
kamay." 18 Sumigaw ang mga sugo sa wikang
Judio sa mga taga-Jerusalem na nasa ibabaw
ng pader upang takutin at gulatin sila at sa
gayon ay makuha nila ang lunsod. 19 Nagsalita
sila ng tungkol sa Diyos ng Jerusalem, tulad sa
mga diyos ng mga bayan sa lupa, na gawa ng
mga kamay ng tao.

20 Kayat nanalangin si haring Ezekias at si
propeta Isaias, na anak ni Amos, at tumawag
sila sa langit. 21 At nagpadala si Yawe ng isang
anghel na pumuksa sa lahat ng matatapang na
mandirigma, sa mga pinuno at mga opisyal, sa
kampo ng hari ng Asiria. Nagbalik ito sa kan-
yang lupain na taglay ang malaking kahihiyan,
at pagpasok niya sa bahay ng kanyang diyos ay
pinatay siya sa tabak ng kanyang mga anak.
22 Kayat iniligtas ni Yawe si Ezekias at ang mga
taga-Jerusalem sa kamay ni Senakerib na hari
ng Asiria at sa kamay ng lahat; at pinagka-
looban sila ng katahimikan sa lahat ng dako.
23 Marami ang nag-alay ng mga handog kay
Yawe sa Jerusalem, at ng mga regalo kay
Ezekias na hari ng Juda. Mula noon, pinaranga-
lan siya ng lahat ng bansa.

24 Noon, nagkasakit nang malubha si Ezekias
at nasa bingit na ng kamatayan. Gayunman,
nanalangin siya kay Yawe. Sinagot siya nito at

binigyan ng isang himala. 25 Pero hindi tumugon
si Ezekias sa biyayang ipinagkaloob sa kanya at
sa halip, naging palalo siya, kayat bumagsak
ang Galit sa kanya sa Juda at sa Jerusalem.
26 Noon nagpakumbaba si Ezekias, pati ang
mga taga-Jerusalem kayat hindi bumagsak sa
kanila ang Galit sa kapanahunan ni Ezekias.

27 Nagkaroon si Ezekias ng napakaraming
kayamanan at karangalan. Nagtipon siya ng
mga kayamanang pilak, ginto, mahahalagang
bato, mga pabango, mga kalasag at lahat ng uri
ng bagay na mahalaga. 28 Mayroon din siyang
mga kamalig na paglalagyan ng mga buwis na
trigo, alak at langis; mga sabsaban para sa lahat
ng uri ng baka at mga kulungan ng mga kawan.
29 Nagtayo siya ng mga lunsod at nagkaroon ng
maraming baka at tupa sapagkat binigyan siya
ni Yawe ng napakalaking kayamanan.

30 Si Ezekias din ang nagsara ng labasan ng
tubig ng Guijon sa itaas at pinaraan niya ito sa
ilalim ng lupa sa gawing kanluran ng Lunsod ni
David. Nagtagumpay si Ezekias sa lahat niyang
gawain. 31 Gayunman, nang magpadala sa kan-
ya ng mga sugo ang mga prinsipe ng Babilonia
upang alamin ang himalang nangyari sa lupain,
pinabayaan siya ng Diyos upang subukin siya at
matuklasan ang lahat ng nasa kanyang ka-
looban.

32 Ang iba pang kasaysayan ni Ezekias at ang
kanyang mga banal na gawain ay nakasulat sa
mga pangitain ni propeta Isaias, na anak ni
Amos, at sa aklat ng mga Hari ng Juda at Israel.
33 Pagkatapos, nahimlay si Ezekias sa piling ng
kanyang mga ninuno at inilibing siya sa dalisdis
ng mga libingan ng mga anak ni David. Sa
kanyang pagkamatay ay pinarangalan siya ng
buong Juda at ng mga taga-Jerusalem.
Hinalinhan siya sa paghahari ng kanyang anak
na si Manases.

**Ang paghahari ni Manases**

**33** 1 Labindalawang taong gulang si Mana-
ses nang magsimulang maghari, at
limampu't limang taon siyang naghari sa Jeru-
salem. 2 Ginawa niya ang masama sa paningin
ni Yawe at nag-asal nang kasuklam-suklam na
katulad ng mga bansang pinalayas ni Yawe sa
lupain sa harap ng mga Israelita. 3 Muli niyang
ipinatayo ang mga altar sa burol na sinira ng
ama niyang si Ezekias, nagtayo siya ng mga
altar para sa mga Baal, gumawa ng mga banal
na haligi at sumamba sa lahat ng kapangya-
rihang nasa langit at naglingkod sa mga ito.
4 Nagtayo rin siya ng mga altar sa Bahay ni Yawe
na tinukoy ni Yawe nang sabihin niya: "Sa
Jerusalem mamamahinga ang aking Pangalan
magpakailanman." 5 Nagtayo siya ng mga altar
para sa lahat ng kapangyarihang nasa langit sa
dalawang patyo ng Bahay ni Yawe. 6 Sinunog
niya ang kanyang mga anak bilang handog sa
may lambak ng Ben Hinnon. Nagumon siya sa
panghuhula, sa mahiya at sa pangkukulam,
nagpasok ng mga espiritu at mga manghuhula
at marami siyang ginawang masama sa pani-
ngin ni Yawe na ikinagalit nito. 7 Gumawa siya ng
pinakamalaking larawan ng diyus-diyusan at
inilagay niya ito sa Bahay ni Yawe na tinukoy ni
Yawe nang sabihin niya kay David at sa anak
nitong si Solomon: "Sa Bahay na ito at sa
Jerusalem na aking pinili sa lahat ng tribu ng
Israel ay ilalagay ko ang aking Pangalan magpa-
kailanman. 8 Hindi ko na ilalayo ang paa ng
Israel sa lupang itinalaga ko sa kanyang mga
ninuno kung iingatan nilang tuparin ang lahat ng
Batas, mga utos at mga tagubilin na ipinag-utos
ko sa pamamagitan ni Moises.

9 Sa gayon, iniligaw ni Manases ang Juda at
ang mga taga-Jerusalem kayat higit na ma-
sama pa ang ginawa nila kaysa mga bansang
nilipol ni Yawe sa harap ng mga Israelita. 10 Nag-
salita si Yawe kay Manases at sa kanyang
bayan, ngunit hindi nila ito pinansin.

11 Kayat pinalusob sa kanila ni Yawe ang mga
pinuno ng hukbo ng hari ng Asiria, at hinuli nila
ng kawit si Manases at ginapos ng dobleng
tanikalang tanso at dinala sa Babilonia. 12 Sa
kanyang pagdurusa, sinikap niyang palubagin
ang galit ni Yaweng kanyang Diyos at nag-
pakumbaba siya sa harap ng Diyos ng kanyang
mga ninuno. 13 Nanalangin siya sa Diyos at
nagpahinuhod ang Diyos at pinakinggan ang
kanyang panalangin. Pinayagan siyang maka-
balik sa Jerusalem at magharing muli. At nala-
man ni Manases na si Yawe lamang ang Diyos.

14 At itinayo niya ang pader na panlabas ng
lunsod ni David, sa kanluran ng Gihon, sa lam-
bak hanggang sa pagpasok sa pintuan ng Mga
Isda. Pinalibutan nito ang Ofel at tinaasan ni-
yang mabuti ito. Nagpuwesto siya ng mga pi-
nuno ng hukbo sa lahat ng napapaderang lun-
sod ng Juda.

15 Inalis niya sa Bahay ni Yawe ang lahat ng
dayuhang diyos at rebulto ng pinakamalaking
diyus-diyusan at lahat ng altar na kanyang ipi-
natayo sa bundok ng Bahay ni Yawe at sa Jeru-
salem, at itinapon ang mga iyon sa labas ng
lunsod. 16 Itinayo niyang muli ang altar ni Yawe at
nag-alay siya rito ng mga handog ng mabuting
pagsasamahan at ng pagpapasalamat at iniutos
niya sa mga taga-Juda na maglingkod kay Ya-
weng Diyos ng Israel. 17 Nag-alay pa rin ang bayan
sa mga altar sa burol pero kay Yawe lamang.

18 Ang iba pang ginawa ni Manases, ang
panalangin niya sa Diyos at ang sinabi ng mga
manghuhula sa kanya sa ngalan ni Yaweng
Diyos ng Israel, ay nakasulat sa kasaysayan ng
mga Hari ng Israel. 19 Ang kanyang panalangin
at kung paanong dininig siya, ang lahat ng
kanyang pagkakasala at kataksilan, ang mga
lugar na pinagtayuan ng mga altar sa burol at
pinaglagyan ng mga banal na haligi at mga
diyus-diyusan bago pa siya magpakumbaba ay
nakasulat sa kasaysayan ni Hosay. Pagkatapos
ay nahimlay si Manases sa piling ng kanyang
mga ninuno at inilibing siya sa halamanan ng
kanyang bahay. Hinalinhan siya sa paghahari
ng kanyang anak na si Amon.

21 Dalawampu't dalawang taong gulang si
Amon nang magsimulang maghari, at dalawang
taon siyang naghari sa Jerusalem. 22 Ginawa
niya ang masama sa paningin ni Yawe, tulad ng
ginawa ng ama niyang si Manases, naghandog
siya at sumamba sa lahat ng diyus-diyusang
ginawa ng kanyang amang si Manases. 23 Pero
hindi siya nagpakumbaba sa harap ni Yawe,
gaya ng ginawa ng ama niyang si Manases;
marami pa ang mga sala ni Amon. 24 Nagsab-
watan ang kanyang mga tauhan laban sa kanya
at pinatay siya sa kanyang palasyo. Gayunman,
pinatay ng mga mamamayan ang lahat ng nag-
sabwatan at ginawa nilang hari bilang kahalili
niya, ang anak niyang si Yosias.

**Ang paghahari ni Yosias**

**34** 1 Walong taong gulang si Yosias nang
magsimulang maghari at tatlumpu't
isang taon siyang naghari sa Jerusalem. 2 Gi-
nawa niya ang matuwid sa paningin ni Yawe at
lumakad siya sa daan ng ninuno niyang si David
at di siya lumihis dito.

3 Sa ikalawang taon ng kanyang paghahari,
nang talubata pa siya ay sinimulan niyang
hanapin ang Diyos ni David na kanyang ninuno;
at sa taong ikalabindalawa'y sinimulang alisin
sa Juda at Jerusalem ang mga altar sa burol,
mga banal na haligi, mga estatwa at mga diyus-
diyusang iminolde. 4 Winasak sa harap niya ang
mga altar ng mga Baal at ang mga batong nasa
ibabaw ng mga ito, pinagdudurog niya ang mga
banal na haligi, mga imahen at mga diyus-
diyusang iminolde at ikinalat ang alabok ng mga
ito sa libingan ng mga naghandog sa kanila.
5 Sinunog niya ang mga buto ng kanilang mga
pari sa ibabaw ng kanilang mga altar at nilinis
niya ang Juda at Jerusalem. 6 Gayundin ang
ginawa niya sa mga lunsod ng Manases, Efraim
at Simeon, hanggang sa Neftali, at sa mga
wasak na lugar sa paligid ng mga ito. 7 Pinag-
sisira niya ang mga altar, minartilyo at dinurog
ang mga banal na haligi, ang mga estatwa;
giniba niya ang mga banal na bato sa buong
lupain ng Israel, at muling bumalik sa Jerusa-
lem.

8 Sa ikalabingwalong taon ng kanyang pag-
hahari, nilayon niyang linisin ang lupain at ang
Bahay at inatasan niya si Safan, na anak ni
Asalias, si Maasias, na pinuno ng lunsod, at si
Yoah, na anak ni Yoahaz na tagapagbalita, na
ayusin ang Bahay ni Yaweng kanilang Diyos.
9 Kayat nagpunta sila sa punong paring si Hel-
kias, at ibinigay sa kanya ang salaping dinala sa
Bahay ng Diyos, na nalikom ng mga Levita at ng
mga bantay sa mga pintuan na galing sa Mana-
ses, Efraim, at ang mga iba pa sa Israel, sa Juda,
sa Benjamin at sa mga taga-Jerusalem. 10 Ini-
abot nila ang salapi sa mga tagapamahala ng
mga gawain sa Bahay ni Yawe at ginamit nila ito
para kumpunihin ang Bahay. 11 Binigyan nila ng
salapi ang mga karpintero at mga kantero
upang bumili ng mga batong tinabas at ng mga
kahoy na gagawing mga biga at suleras ng mga
gusaling sinira ng mga hari ng Juda.

12 Nagtrabaho sila nang tapat, pinamahalaan
sila nina Yahat at Abdias na mga Levitang
Merarita, at nina Zacarias at Mesulam na mga
Kaatita, at ng ibang Levitang sanay sa mga
panugtog, 13 at ng mga tagapamahala ng mga
kargador, at ng mga tagapamahala sa iba't
ibang gawain, at ng mga Levitang tagasulat o
rotaryo o bantay-pintuan.

**Ang pagkakita sa aklat ng Batas**

14 Nang kinukuha ang salaping dinala sa
Bahay ni Yawe, natuklasan ng paring si Helkias
ang aklat ng Kautusan ni Yawe na ibinigay niya
kay Moises. 15 Sinabi niya kay Safan na kalihim
ng hari: "Natagpuan ko ang aklat ng kautusan sa
Bahay ni Yawe." At ibinigay niya ang aklat kay
Safan. 16 Dinala ni Safan sa hari ang aklat.
Nagulat si Safan. "Ginagawa ng mga lingkod mo
ang lahat ng iniutos mo sa kanila. 17 Tinunaw nila
ang salaping dinala sa Bahay ni Yawe at ibinigay
na nila ito sa mga tagapamahala." 18 At idinag-
dag ni Safan na kalihim sa hari: "Ibinigay sa akin
ng paring si Helkias ang isang aklat." At nag-
simulang magbasa si Safan sa harap ng hari.

19 Nang marinig ng hari ang mga salita ng
kautusan, ginawak niya ang kanyang damit,
20 at nag-utos siya kay Helkias, kay Ahikam, na
anak ni Safan, kay Abdon, na anak ni Mikeas,
kay Safan, na kalihim, at kay Asayang opisyal
ng hari: 21 "Humayo kayo at sumangguni kay
Yawe para sa akin at sa nalalabi sa Israel at Juda,
tungkol sa mga salita ng aklat na natagpuan.

Tiyak na galit na galit si Yawe sa atin, sapagkat
hindi tinupad ng ating mga ninuno ang salita ni
Yawe ni isinagawa ang lahat ng nakasulat sa
aklat na ito."
22 Nagpunta si Helkias at ang iba pang mga
lingkod ng hari sa propetisang si Huldang asawa
ni Salum, na anak ni Tokhat na anak ni Hasrang
bantay ng mga kasuotan. Nakatira ang babae sa
Jerusalem sa bagong lunsod. Kinausap nila ito
23 at sumagot: "Ito ang isang salita ni Yawe sa
taong nagsugo sa inyo sa akin: 24 Sinasabi ni
Yawe: Handa akong magdala ng malaking ka-
pahamakan sa lugar na ito at sa mga tagarito at
tumupad sa lahat ng sumpang nakasulat sa
aklat na binasa sa harap ng hari ng Juda.
25 Tinalikuran nga nila ako sa paghahandog sa
ibang mga diyos at ginalit nila ako ng kanilang
mga gawa. Kayat ibubuhos ko ang aking galit sa
pook na ito at hindi ito maaapula.
26 Sabihin naman ninyo sa hari ng Juda na
nagpasangguni sa inyo kay Yawe: "Ito ang sabi
ni Yaweng Diyos ng Israel: hindi ka mararating
ng mga salitang iyong narinig. 27 Nabagbag ang
iyong puso at nagpakumbaba ka sa harap ng
Diyos nang marinig mo ang kanyang mga banta
laban sa lugar na ito at sa mga tagarito. Nag-
pakumbaba ka sa aking harapan, ginawak mo
ang iyong damit at nanangis ka sa aking ha-
rapan; kayat pinakinggan naman kita, sabi ni
Yawe. 28 Isasama muna kita sa iyong mga ni-
nuno at ihihibing ka nang payapa, kaya hindi
masasaksihan ng iyong mga mata ang lahat ng
kasamaang dadalhin ko sa lugar na ito at sa mga
tagarito." At inihatid nila ang kasagutan sa hari.
29 Ipinatawag ng hari ang lahat ng Matatanda
ng Juda at Jerusalem, 30 at umahon ang hari sa
Bahay ni Yawe, kasama ang lahat ng taga-Juda
at lahat ng naninirahan sa Jerusalem, ang mga
pari at mga Levita at ang buong bayan mula sa
pinakamaliit hanggang sa pinakamahalaga. At
binasa niya sa harapan nila ang lahat ng nasa
Aklat ng Tipan, na natagpuan sa Bahay ni Yawe.
31 Nakatayo ang hari sa tabi ng haligi at pinag-
tibay niya ang Tipan sa harapan ni Yawe: susu-
nod na sila kay Yawe, tutupdin nila ang mga
utos, mga tagubilin, at mga batas nito nang
buong-puso at buong-kaluluwa at isasagawa
ang mga salita ng Tipan na nakasulat sa aklat na
iyon. 32 Pinatibay niya ang lahat ng nasa Jerusa-
lem at Benjamin, at isinagawa ng mga taga-
Jerusalem ang Tipan ng Diyos, na siyang Diyos
ng kanilang mga ninuno. 33 Ipinaalis ni Yosias
ang lahat ng kasuklam-suklam na bagay sa
lahat ng lupain ng mga Israelita. Habang nabu-
buhay siya ay pinapaglingkod niya ang lahat ng
nasa Jerusalem kay Yaweng kanilang Diyos.
Hindi nila tinalikdan si Yaweng Diyos ng kani-
lang mga ninuno.

**Ang pagdiriwang ng Paskuwa ni Yosias**

35 1 Noon ipinagdiwang ni Yosias sa Jeru-
salem ang Paskuwa para kay Yawe;
naghandog sila ng tupang pam-Paskuwa sa
ikalabing-apat na araw ng unang buwan. 2 Iti-
nalaga niya ang mga pari sa kani-kanilang mga
katungkulan, at pinatibay ang kanilang loob
para maglingkod sa Bahay ni Yawe. 3 Sinabi niya
sa mga Levita na may karunungan alang-alang
sa buong Israel at natatalaga kay Yawe, na
siyang naglagay ng Banal na Kaban sa Bahay na
ipinagawa ni Solomon, na anak ni David na hari
ng Israel: "Hindi na ninyo papasanin iyon, kaya
maglingkod kayo ngayon kay Yaweng inyong
Diyos at sa kanyang bayang Israel. 4 Magsi-
paghanda kayo nang ayon sa angkan at sa
inyong uri, batay sa isinulat ni David na hari ng
Israel at ng kanyang anak na si Solomon. 5 Pu-
muwesto kayo sa santuwaryo ayon sa mga
grupo ng mga angkan ninyo upang maglingkod
sa inyong mga kapatid na Israelita; at ang bawat
pamilya ay magbigay ng isang bahagi sa mga
Levita. 6 Ihandog nga ninyo ang tupang pam-
Paskuwa at maging banal upang maglingkod sa
inyong mga kapatid ayon sa utos ni Yawe na
ibinigay niya kay Moises."
7 Nagbukod si Yosias para sa mga karani-
wang tao ng tatlumpung libong batang tupa at
batang kambing bilang mga haing pam-
Paskuwa para sa mga naririto at tatlunlibong
baka. Galing sa mga kawan ng hari ang lahat ng
ito. 8 Nagbigay din ang kanyang mga opisyal ng
kusang-loob na mga handog sa bayan, sa mga
pari at mga Levita. Sina Helkias, Zacarias at
Yehiel, na mga pari ng Bahay ng Diyos, ay
binigyan ng mga tagapamahala ng dalawan-
libong tupa at animnaraang batang tupa at
batang kambing bilang mga haing pam-Pas-
kuwa, pati tatlundaang baka. 9 Si Konanya, si
Semeyas at si Natanael, na kanyang mga ka-
patid, at sina Yasabia, Yeiel at Yosabad, na mga
pinuno ng mga Levita ay nagbukod ng liman-
libong tupang pam-Paskuwa at limandaang
baka para sa mga Levita.
10 Itinakda ang liturhiya at tumayo sa kani-
kanilang lugar ang mga pari at ang mga Levita,
ayon sa kani-kanilang mga grupo, at sa itinakda
ng hari. 11 Pinatay nila ang mga handog na pam-
Paskuwa at habang iwiniwisik ng mga pari ang
dugo ay binabalatan naman ng mga Levita ang
mga hayop. 12 Ibinukod nila ang magiging sinu-
nog na handog at ibinigay sa mga grupo ng mga
sambahayan ng taong-bayan upang maihan-

dog ito kay Yawe, ayon sa nakasulat sa aklat ni
Moises; gayundin ang ginawa nila sa mga baka.
13 Inihaw nila ang haing pam-Paskuwa ayon sa
ipinag-uutos, pati ang mga banal na pagkain,
sa mga kawa, mga palayok at mga kawali, at
ipinamigay nila agad sa taong-bayan. 14 Pagka-
tapos, inihanda nila ang pam-Paskuwa para sa
kanilang sarili at sa mga paring anak ni Aaron
sapagkat walang tigil sila hanggang gabi sa pag-
aalay ng mga sinunog na handog at mga taba.
Dahil dito ang mga Levita ay naghanda para sa
kanilang sarili at sa mga paring anak ni Aaron.
15 Nakapuwesto na rin ang mga mang-aawit na
mga inapo ni Asaf, ayon sa ipinag-utos ni David.
Hindi kinailangang iwan ang kanilang lugar nina
Asaf, Heman at Yedutum na manghuhula ng
hari at ng mga bantay na nasa kani-kanilang
pintuan, sapagkat ipinaghanda sila ng kanilang
mga kapatid na mga Levita.
16 Ganito inihanda sa araw na iyon ang li-
turhiya kay Yawe; ipinagdiwang ang Paskuwa at
inialay ang mga handog sa altar ni Yawe ayon sa
utos ni haring Yosias.
17 Ganoon ipinagdiwang ng mga Israelitang
naroon ang Paskuwa at ang pista rin ng Tinapay
na Walang Lebadura sa loob ng pitong araw.
18 Hindi pa naipagdiriwang ang Paskuwa nang
ganito mula sa panahon ng propetang si
Samuel; at walang sinuman sa mga hari ng
Israel ang nakapagdiwang ng Paskuwa na gaya
ng nagawa ni Yosias na kasama ang mga pari,
mga Levita, ang buong Juda at Israel na naro-
roon at ang mga taga-Jerusalem.

**Katapusang trahedya ng paghahari**

19 Ipinagdiwang ang Paskuwang ito sa ika-
labingwalong taon ng paghahari ni Yosias.
20 Pagkatapos ng lahat ng ito, nang maibalik na
ni Yosias ang Bahay ni Yawe sa dating kala-
gayan, umahon si Nekong hari ng Ehipto, para
lumaban sa malapit sa Karkemis sa pampang
ng Eufrates. Sinalubong siya ni Yosias 21 at nag-
padala si Neko ng mga sugo upang sabihin sa
kanya: "Ano ba ang pakialam ko sa iyo, O hari
ng Juda? Hindi ikaw ang aking kaaway ngayon.
Iba ang bansa na dapat kong labanan at mi-
namadali ako ng Diyos. Huwag kang lumaban
sa Diyos na sumasaakin at baka wasakin ka
niya."
22 Gayunman, hindi tumalikod si Yosias sa-
pagkat ipinasiya na niyang lusubin si Neko, at
hindi niya pinansin ang mga sinabi ni Neko sa
ngalan ng Diyos. At kinalaban niya ito sa kapa-
tagan ng Megiddo. 23 Tinamaan si haring Yosias
ng mga mamamana at sinabi niya sa kanyang
mga tauhan: "Ibalik ninyo ako at malubha ang
aking sugat." 24 Inalis siya sa karwahe ng mga
kalaban, isinakay sa iba niyang karwahe at
dinala siya sa Jerusalem. Doon siya namatay at
inilibing sa libingan ng kanyang mga ninuno.
Ipinagluksa si Yosias ng buong Juda at Jeru-
salem. 25 Kumatha si Jeremias ng isang panag-
hoy para kay Yosias at hanggang ngayon ay
biniibigkas ito ng mga mang-aawit na lalaki at
babae sa pananangis ng mga ito dahil kay
Yosias. Naging isang kaugalian nga ito sa Israel
at nakasulat ang tula sa Mga Panaghoy.
26 Ang iba pang kasaysayan ni Yosias at ang
lahat ng magandang ginawa niya alang-alang
sa Batas ni Yawe, 27 – nakasulat ang lahat ng ito
mula sa pasimula hanggang wakas sa Aklat ng
mga Hari ng Israel at Juda.

**Ang mga huling hari**

36 1 Kinuha ng mga mamamayan si Yoakaz,
na anak ni Yosias, at ginawa siyang hari
ng Jerusalem bilang kahalili ng kanyang ama.
2 Dalawampu't tatlong taong gulang si Yoakaz
nang magsimulang maghari at tatlong buwan
siyang naghari sa Jerusalem. 3 Gayunman, ina-
lis siya sa Jerusalem ng hari ng Ehipto at pina-
tawan nito ang lupain ng buwis na sandaang
talentong pilak at isang talentong ginto. 4 At
saka ginawa niyang hari ng Juda at Jerusalem
si Eliakim, na kapatid ni Yoakaz, at pinalitan ang
pangalan ng Yoakim. Kinuha naman ni Neko
ang kanyang kapatid na si Yoakaz at dinala sa
Ehipto.
5 Dalawampu't limang taong gulang si
Yoakim nang magsimulang maghari, at labing-
isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ginawa
niya ang masama sa paningin ni Yaweng kan-
yang Diyos. 6 Sinalakay siya ni Nabucodonosor,
na hari ng Babilonia, at dinala siyang gapos ng
mga tanikalang tanso sa Babilonia. 7 Dinala rin
ni Nabucodonosor sa Babilonia ang mga kaga-
mitan sa Bahay ni Yawe at ibinigay sa kanyang
mga santuwaryo sa Babilonia. 8 Ang iba pang
kasaysayan ni Yoakim at ang mga kasuklam-
suklam na gawa niya at ang mga sakdal sa
kanya ay nakasulat sa Aklat ng mga Hari ng
Israel at Juda. Hinalinhan siya sa paghahari ng
anak niyang si Yoakin.
9 Labingwalong taong gulang si Yoakin nang
magsimulang maghari at tatlong buwan at
sampung araw siyang naghari sa Jerusalem;
ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe.
10 Pagpapalit ng taon, inagaw ng haring Nabu-
codonosor ang mga dadalhin niya sa Babilonia,
pati ang mahahalagang kasangkapan sa Bahay
ni Yawe. At ginawang hari ng Juda at Jerusalem
si Sedekias na kapatid ng kanyang ama.

11 Dalawampu't isang taong gulang si Sedekias nang magsimulang maghari at labing-isang taon siyang naghari sa Jerusalem. 12 Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yaweng kanyang Diyos, at hindi nagpakumbaba sa harap ni propeta Jeremias na humarap sa kanya sa ngalan ni Yawe. 13 Naghimagsik din siya kay Nabucodonosor na siyang nagpasumpa sa kanya sa pangalan ng Diyos. Naging suwail siya at matigas ang puso at hindi nagbalik kay Yaweng Diyos ng Israel.

**Pagwawakas**

14 Lalong nagkasala ang mga pinuno, mga pari at ang bayan at tinularan nila ang lahat ng kasuklam-suklam na kaugalian ng mga bansang pagano; dinungisan nila ang Bahay ni Yawe na itinalaga nito sa sarili sa Jerusalem. 15 Kayat binalaan sila ni Yaweng Diyos ng kanilang mga ninuno, sa pamamagitan ng kanyang mga sugo, sapagkat nahabag siya sa kanyang bayan at tirahan. 16 Gayunman, nilibak nila ang mga sugo ng Diyos, hinamak ang kanilang mga salita at pinagtawanan ang kanyang mga propeta hanggang sa sumabog ang galit ni Yawe sa kanyang bayan na wala nang lunas.

17 Pinasalakay ni Yawe sa kanila ang hari ng mga Kaldeo at pinatay nito ang mga kabataan hanggang sa loob ng santuwaryo. Walang pinatawad na binata o dalaga, matanda o may-uban, kundi naibigay ang lahat sa kamay nito. 18 Dinala naman sa Babilonia sa Bahay ni Yawe ang lahat ng gamit – malaki at maliit, ang mga kayamanan ng Bahay ni Yawe at ang mga kayamanan ng hari at ng kanyang mga pinuno. 19 Sinunog ng mga Kaldeo ang Bahay ng Diyos at giniba ang mga pader ng Jerusalem, sinunog nila ang lahat ng palasyo at sinira ang lahat ng bahay na mahalaga. 20 Ang mga nakaligtas sa tabak ay dinala sa Babilonia, bilang mga alipin niya at ng kanyang mga anak hanggang sa kamtin ng kahariang Persia ang kapangyarihan. 21 Kayat natupad ang sinabi ni Yawe sa bibig ni Jeremias: "Mananatiling tiwangwang ang lupain at magpapahinga nang pitumpung taon upang bawiin nito ang kanyang mga Taon ng Pamamahinga.

22 Sa unang taon ni Cirong hari ng Persia, ginusto ni Yaweng maganap ang sinabi niya sa pamamagitan ng bibig ni Jeremias. Kaya pinukaw ni Yawe ang espiritu ni Cirong hari ng Persia, na inutusan niyang magpahayag sa salita at sa sulat sa buong kaharian. 23 "Ito ang sabi ni Cirong hari ng Persia. Ibinigay sa akin ni Yaweng Diyos ng langit ang lahat ng kaharian sa lupa at inutusan niya ako na itayo ko para sa kanya ang isang Bahay sa Jerusalem, sa Juda. Sino man sa inyo na kabilang sa kanyang bayan, sumakanya nawa ang Diyos at umahon siya!"